

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS  
PINAPATNUBAYAN NG  
MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

ANG  
Bayan

Tomo XXIX Bilang 1

Edisyong Pilipino

Enero-Pebrero 1999

Editoryal

# Patawan ng rebolusyonaryong kaparusahan si Imelda at mga kasapakat ng diktadurang Marcos



**I**pinapahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas, sa okasyon ng ika-13 taong anibersaryo ng pagbagsak ng pasistang diktadurang US-Marcos, ang paninindigan ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayang Pilipino na igawad ang angkop na kaparusahan kay Imelda Romualdez Marcos at sa mga pangunahing pinuno at kasapakat ng nasirang diktador na si Marcos.

## Ang pagbabaligtad ng mga tagumpay ng Edsa

Sa gitna ng napakalubhang krisis sa ekonomya at laganap na masidhing paghihirap ng mamamayang Pilipino, ibinabalik at pinapaburan ngayon ng gubyernong Estrada ang pinakamalaki at pinakakinamumuhiang mga reaksyunaryong nagtaguyod at nakinabang sa diktadurang

Marcos. Sa ilalim ng proteksyon ng dati nilang utusan at ngayo'y pangulong Estrada, buong-laya nilang muling inaangkin ang mga ninakaw nilang yaman at dinadambong ang ekonomya at kabang-bayan. Sagad-sagarang isinasaisantabi at niyuyurakan ang hangad na katarungan at interes ng mamamayang Pilipino, laluna ng laksa-laksang biktima ng batas militar.

Patuloy na itinatangging kilalanin ng reaksyunaryong pampulitikang awtoridad sa Pilipinas ang mga krimen laban sa sangkatauhan ng diktadurang US-Marcos. Ipinagkakait ang nararapat na indemnipikasyon o danyos-perwisyo sa mga naging biktima ng pasistang rehimen na esensyal na aspeto ng kanilang hangaring katarungan. Sa halip, ang mga kasapakat pa ng diktadura ang binigyan ng karapatan at lubos na kalayaang bawiin ang mga nakaw na yaman,

tanganan ang kapangyarihang pampulitika at baluktutin ang kasaysayan.

Walang kakayahan ni kapasyahan ang naghaharing sistema na bigyang-katuparan ang hangaring katarungan ng mamamayang Pilipino. Sa kabila ng katotohanang ang reaksyunaryong rehimeng Aquino ay nakatayo bunga ng kilusang anti-pasista at anti-Marcos, hindi nito nagawang mapagpasyang parusahan ang mga pinuno at kasapakat ng pasistang diktadura. Ang sumunod na reaksyunaryong rehimeng Ramos ay hindi lamang nabigong seryosong usigin ang mga Marcos at mga kasapakat nila, hinawan pa nito ang daan sa unti-unting panunumbalik nila sa kapangyarihan at pribilehiyo. Kaya 13 taon matapos ibagsak ang diktadurang Marcos, sina Imelda Marcos, Eduardo 'Danding' Cojuangco Jr., Lucio Tan at mga kasabwat nila ay nagtatamasa ng mas papalaki pang kapangyarihan sa pulitika at ekonomya ng Pilipinas.

Ang pagkakahalal kay Joseph Estrada bilang pangulo ng reaksyunaryong gubyrno ang pinakamalaking tagumpay ng mga Marcos mula 1986 sa kanilang pagsisikap na makapanumbalik sa poder. Sa loob lamang ng ilang buwan sa ilalim ng rehimeng Estrada, lumawak nang lumawak ang impluwensya at kapangyarihan ng mga Marcos at ng kanilang mga kasapakat. Estratehikong nakapwesto ngayon sa mga sentral na makinarya ng estado poder ang dating mga tauhan ng diktadura na nagitiyak ng mga patakaran, kautusan at desisyong pabor sa mga Marcos at alipures nila.

Dalawampu't pitong kaso na ng katiwalian laban sa mga Marcos at kanilang alipures na isinampa ng Presidential Commission on Good Government (PCGG) ang pinawalang-saysay na ni Aniano Desierto, Ombudsman ng Sandiganbayan at loyalistang maka-Marcos. Sangkot sa 14 na kaso ang mahigit P69.5 bilyon.

Nakaambang ipa-walang-saysay din ni Desierto ang 34 pang kaso.

Kinatigan ng Korte Suprema ang mga desisyong ito ni Desierto noong Disyembre 1998 sa pamamagitan nina Jose A.R. Melo, Vicente Mendoza, Antonio Martinez at Reynato Puno, pawang mga itinalaga noon ni Marcos. Si Melo, Mendoza at Puno, bukod pa kay Santiago Kapunan at Fidel Purisima, mga husgado rin ng Korte Suprema, ay pawang nagsilbi sa ilalim ni Estelito Mendoza, *solicitor general* sa panahon ni Marcos at pangunahing abugado ngayon ni Imelda.

Ang kaso ng katiwalian laban kay Imelda Marcos kaugnay ng proyektong Light Railway Transit ay pinawalang-saysay din ng Korte Suprema noong Oktubre 1998. Nauna rito ay pinawalang-sala naman ng Regional Trial Court sa Lunsod ng Quezon si Imee Marcos sa kaso ng katiwalian sa dating Kabataang Barangay. Iniatras din ng Korte Suprema noong Disyembre 1998 ang pagbabawal sa paglalakbay at mandamyento de aresto laban kay Danding Cojuangco. Ang P26.5 bilyong kaso naman ng di pagbabayad ng buwis laban kay Lucio Tan ay patuloy na nabibimbin at dinuduktor ng BIR (Bureau of Internal Revenue) at DOJ (Department of Justice) upang tiyak na makalusot si Tan.

Dahil sa natatanggap niyang pabor at proteksyon sa ilalim ng gubyernong Estrada, may lakas ng loob si Imelda na lantarang ipaggiitan at angkinin ang mahigit 200 malalaking korporasyong nagkakahalaga ng mahigit P500 bilyon, kabilang na ang San Miguel Corporation, Philippine Airlines, Philippine Long Distance Telephone Company, Fortune Tobacco, United Coconut Planters Bank, Allied Bank at Asia Brewery.

Nais ni Estrada na magsilbing koordinador at padrino ng malalaking magnanakaw sa panahon ng diktadurang Marcos kapalit ng bahagi ng nakaw na yamang kanilang binabawi. Subalit dahil sa sumusulak na tunggalian sa

---

**ANG PAGKAKAHALAL  
KAY JOSEPH ESTRADA  
BILANG PANGULO NG  
REAKSYUNARYONG  
GUBYERNO ANG  
PINAKAMALAKING  
TAGUMPAY NG MGA  
MARCOS MULA 1986 SA  
KANILANG PAGSISIKAP  
NA MAKAPANUMBALIK SA  
PODER. SA LOOB  
LAMANG NG ILANG  
BUWAN SA ILALIM NG  
REHIMENG ESTRADA,  
LUMAWAK NANG  
LUMAWAK ANG  
IMPLUWENSYA AT  
KAPANGYARIHAN NG  
MGA MARCOS AT NG  
KANILANG MGA  
KASAPAKAT.**

---

## **NILALAMAN**

Editorial .....	1
Kontra-rebolusyonaryong digma at pasismo .....	5
Pasistang krimen ni Lacson.....	8
Laban sa Warrantless Arrest .....	9
Heneral, upisyal -inaresto ng BHB .....	9
Sino ang kombatant? .....	10
Rebolusyonaryong kilusan sa Mindanao .....	11
Alyansa ng NDFP at MILF.....	15
Cagayan Valley .....	17
Proletaryong Internasyunalismo .....	19
Balita .....	20

## **PANAWAGAN**

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nag-aanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentaryo at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaring ilathala sa ating pahayagan

pagitan ng mga Marcos at ng mga pinagkatiwalaang kroni ng nasirang diktador, hindi niya ito basta-basta maisagawa. Sa isang banda ay tinitiyak ni Estrada na makalulusot sa mga kasong kriminal at sibil ang pamilyang Marcos upang mabuksan ang daan sa pagbawi ng kanilang mga ninakaw na yaman. Ngunit sa kabilang banda, pinahihintulutan din niyang angkinin ng mga kroni ang malalaking korporasyon at ari-ariang ipinagkatiwala sa kanila ni Marcos na ngayo'y binabawi na ni Imelda.

Nagsampa na ng kaso si Imelda upang bawiin mula sa kanilang mga dating kroni ang diumano'y lehitimo niyang pag-aari sa mahigit 200 malalaking korporasyon. Ang usaping nais na lutasin sa mga kasong ito ay kung aling magnanakaw ang may karapatang magmay-ari sa mga kayamanang sama-sama nilang dinambong.


Subalit anupaman ang maging anyo o sidhi ng tunggaliang ito, alinmang panig ang makapangibabaw, interes ng mamamayang Pilipino ang tiyak na mayuyurakan.

### Ang mga krimen ng diktadurang Marcos laban sa mamamayang Pilipino

Kaakibat ng rehabilitasyon sa pulitika at ekonomya ni Imelda Marcos at ng kanyang mga kasapakat ay ang malakihang pambabaluktot sa kasaysayan. Sa partikular, pinagtatakpan at pilit na binubura ang madugong kriminal na rekord at sagad-sagarang pandarambong ng pamilyang Marcos at mga alipures sa panahon ng kanilang paghahari.

Upang ituwid ang pambabaluktot na ito at ilatag ang kongkreto batayan ng hangarin ng mamamayang katarungan at anyo ng kaparusahansa mga kriminal, kailangan nating itala ang rekord ng mga krimen ng diktadurang US-Marcos laban sa mamamayang Pilipino. Ito ay isang panimulang pagtatala ng mga krimeng sasaklawin ng pananagutan ni Imelda Marcos at iba pa bilang paghahanda sa kanilang kaso at paglilitis sa espesyal na hukumang bayan.\*

\* Hinihikayat ng PKP ang mga mambabasa ng **AB** na magsumite ng mga komentaryo at mga mungkahi upang lalong mapaunlad ang talaan na ito.



### Pagnanakaw at pandarambong sa ekonomya.

Ginamit ng pamilyang Marcos ang absolutong kapangyarihan ng estado upang dambungin ang ekonomya at magkamal ng yaman. Tinatayang aabot sa P1.1 trilyon ang kinamal ng pamilyang Marcos at kanilang mga kasapakat sa kabang-bayan sa panahon ng diktadura.

Ang pinakamalaking bahagi ng mga nakaw na yaman ay sinakmal ng mga Marcos at inilagak sa anyo ng mga depositong dolyar sa ibang bayan, mga primera klaseng lote at mga gusali sa Amerika at Japan, mga korporasyon, mamahaling alahas at iba pa.

Lumaki mula \$2 bilyon hanggang \$26 bilyon ang utang panlabas ng Pilipinas na ginamit ng diktadurang Marcos para sa malalaki subalit di-produktibong proyektong pang-imprastruktura, sa pagpapalaki at pag-aarmas ng reaksyunaryong hukbo, sa pagpopondo ng malalaking korporasyon ng mga kroni at sa ala-Imeldang pagwawaldas at karangyaan ng mga naghaharing uri.

Sa kabilang banda, inilugmok ng diktadurang US-Marcos ang mamamayang Pilipino sa mas malalim na kumunoy ng kahirapan sa pamamagitan ng mga patakarang lalong nagpatibay sa imperyalistang kontrol sa ekonomya at pagsasamantala sa mga manggagawa at magsasaka. Ipinatupad ang pekeng reporma sa lupa (PD 27) na ipinantabing sa malawakang pangangamkam ng lupa ng mga Marcos, mga kasapakat nila at malalaking dayuhang korporasyon. Kaakibat nito'y isinakatuparan ang programang Masagana 99 at "Green Revolution" na nagtambak ng mga imported na abono, pestisidyo at mga agrikemikal sa lokal na pamilihan at naglubog sa mga magsasaka sa utang dahil sa sapilitan silang pinasapi sa mga bogus na kooperatiba at proyektong pang-irigasyon.

Sa kagalakan ng malalaking dayuhang kapitalista, ipinatupad rin ni Marcos ang Investment Incentives Law, Export Incentives Law at iba pang mga batas na lalong nagpatibay sa atrasadong katayuan ng ekonomya ng Pilipinas at nagsuko ng ating pambansang patrimonya sa imperyalismo.

**Pasistang karahasan at krimen laban sa sangkatauhan.** Ipinailalim ni Marcos sa kanyang solo at absolutong kontrol ang buong pasistang makinarya ng militar at pulisya nang idineklara niya ang batas militar noong 1972. Itinalaga ni Marcos ang kanyang mga pinakatapat na tauhan sa pamunuan ng AFP upang



ikumpas ito sa pagsupil sa mamamayan. Binuo ang Civilian Home Defense Force at mga panatikong grupong paramilitar at ibayong pinalaki ang pwersa ng AFP at pulisya mula 50,000 hanggang 250,000. Ang mga ito ang nagsilbing pangunahing instrumento sa pagpataw ng kapangyarihan ng diktadura.

Ginamit ni Marcos ang kanyang absolutong kapangyarihan upang magpataw ng mga dekreto at batas na sumupil sa mga karapatan ng mamamayan. Kaakibat ng batas militar, inilabas ni Marcos ang Arrest, Search and Seizure Order (ASSO), ang Preventive Detention Act (PDA) at ang Presidential Commitment Order na nagpahintulot sa mga pang-aaresto at panghahalughog nang kahit walang kaukulang mandamyento; ang Presidential Decree (PD) 1866 (laban sa iligal na pag-iingat ng baril sa pagsusulong ng rebelyon); ang batas ng Anti-Subersyon; ang PD 772 (kriminalisasyon ng iskwating); ang mapanupil na Labor Code (PD 442) at ang mga kaugnay na PD 823 (pagbabawal ng welga), Batas Pambansa 130 (Batas sa Bagong Relasyon sa Paggawa) at Batas Pambansa 227 (pagpapahintulot sa paglabas-masok ng produkto sa panahon ng welga).

Sa ilalim ng diktadurang Marcos, anim na milyon ang pwersahang pinalikas sa kanilang mga tahanan at kabuhatan. Resulta ito ng mga walang patumanggang operasyong militar sa kanayunan na kinatangian ng mga masaker, pambobomba, istraping, pwersahang konsentrasyon ng populasyon o *hamletting*, blokeyo sa pagkain at ekonomya, pagnanakaw at panggagahasa. Mahigit 160,000 ang pinatay, karamiha'y mga magsasaka na biktima ng kontra-rebolusyonaryong digma ng estado; daan-daang libo ang iligal na inaresto at ikinulong, kabilang ang mahigit 70,000 sa loob lamang ng isang buwan nang ipinataw ang batas militar; libu-libo ang sistematikong isinailalim sa tortur; at halos 800 ang iligal na dinukot, sinalbeyds at itinangging ilitaw ang mga bangkay (*desaparecido*).

### **Parusahan ang mga Marcos at ang kanilang mga kasapakat**

Taglay ng rebolusyonaryong kilusan ang pampulitikang awtoridad na igawad ang katarungang bayan laban sa mga pinuno at kasapakat ng diktadurang Marcos. Nananatili ang bisa ng atas ng Komite Sentral ng PKP sa lahat ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan na arestuhin si Imelda Romualdez Marcos at

Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr., bilang pangunahing kasapakat ng nasirang diktador na si Marcos, upang iharap at litisin sa hukumang bayan. Saklaw din ng atas na ito ang pag-aaresto kay Danding Cojuangco, Lucio Tan at iba pang mga pangunahing alipures ng diktadurang Marcos.

Papapanagutin ng hukumang bayan si Imelda Marcos at iba pa sa lahat ng krimen nila sa mamamayang Pilipino. Sila ay walang pag-aatubiling gagawaran ng rebolusyonaryong kaparusahan para sa mga




---

**TAGLAY NG REBOLUSYONARYONG KILUSAN ANG PAMPULITIKANG AWTORIDAD NA IGAWAD ANG KATARUNGANG BAYAN LABAN SA MGA PINUNO AT KASAPAKAT NG DIKTADURANG MARCOS...  
PAPAPANAGUTIN NG HUKUMANG BAYAN SI IMELDA MARCOS AT IBA PA SA LAHAT NG KRIMEN NILA SA MAMAMAYANG PILIPINO. SILA AY WALANG PAG-AATUBILING LALAPATAN NG REBOLUSYONARYONG KAPARUSAHAN PARA SA MGA MAPATUTUNAYANG PAGKAKASALA NILA.**

---

mapatutunayang pagkakasala nila.

Hindi kailanman magagawang burahin ang mga krimen ng diktadurang US-Marcos sa alaala ng mamamayang Pilipino. Hindi kailanman mauupos ang hangarin ng sambayanan para sa katarungan at ang paninindigang parusahan ang mga Marcos at ang pangunahing mga alipures nila.

Sa kabila ng matagumpay na pagpapabagsak sa pasistang rehimeng Marcos noong 1986, hindi pa lubos na nakakamit ang hangad na katarungang ito. Pinatutunayan ng mapagsamantalang naghaharing uri at sistema na hindi ito bukal ng katarungan para sa mamamayang Pilipino. Katunayan, silang may tapang ng apog na magpatawad at kumandili sa mga Marcos ang sila ngayong nandarambong at nandarahas sa aping mamamayan.

Napatunayan na ng kasaysayan na hindi sapat ang pag-aalsang Edsa upang ganap na kamtin ng mamamayang biktima ng diktadurang Marcos ang katarungan. Patuloy na ibinubunsod ng neokolonyal na sistemang pampulitika ang katiwalian, pagnanakaw sa gubyerno, pandarambong sa ekonomya at pasistang karahasan laban sa mamamayan.

Ang sistemang ito at lahat ng mga kaakibat nitong kabuktutan ay mawawakasan lamang sa pamamagitan ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Ang digmang bayan ang tanging makapaggagawad ng katarungan sa mamamayan hindi lamang para sa mga krimen ng diktadurang US-Marcos, kundi para sa lahat ng krimen ng mga mapagsamantalang naghaharing uri. **AB**

# Kontra-rebolusyonaryong digma at pasismo sa kanayunan

*Villa Bello, Jones, Isabela. Hulyo 1998. Dalawang kabataan at isang grupo ng mga magsasaka ang kinulata sa dibdib, pinalo sa ulo at pinagbuhat ng mga bangkay ng sundalo ng 21<sup>st</sup> IB na namatay sa pakikipagsagupaan sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Kinaumagahan, sinunog ng naturang tropa sa pamumuno ng isang Tinyente Bernardo ang mga bahay nina Satur Lorenzo, Pedring Lorenzo at Eddie Maltezo, pawang mga maralitang magsasaka sa Villa Bello. Ginawang baraks ng mga sundalo ang eskwelahan, barangay hall at ilang bahay doon. Nagpataw ang mga pasista ng curfew, pinalinisan sa mga residente ang mga kalsada, nagbantang mumultahan ng P60 ang mga di maglilinis, at sapilitang pinagtrabaho ang mga taumbaryo sa konstruksyon ng dagdag pang mga baraks.*

*Sa kabila ng lahat nang ito, o dahil nga rito, ang 21<sup>st</sup> IB na sangkot din sa ibang krimen tulad ng panghoholdap, pagnanakaw at pagpapasimuno sa mga bisyo ay itinuring na “Best Battalion” ng AFP noong Disyembre 1998.*

Isang halimbawa lamang ito ng napakalaganap at pinaigting na pasistang karahasan at kontra-rebolusyonaryong digma ng rehimeng US-Estrada sa buong bansa. Ang kontra-rebolusyonaryong digma na bumibiktima sa mamamayan sa kanayunan ay pinaigting ng reaksyunaryong estado upang bigyang-daan ang mga patakarang pumapabor sa interes ng dayuhan at lokal na naghaharing-uri at ibayong nagpapahirap sa mayorya ng mamamayan.

Ang todo-todong militarisasyon at pasistang pandarahas ay tanda ng desperasyon ng rehimen na supilin ang lumalawak at tumitinding paglaban ng mamamayan sa lumalalang krisis pang-ekonomya at panlipunan.

## Kontra-rebolusyonaryong pandarahas sa mamamayan

Sa pagkukumahog na suhetuhin ang rebolusyonaryong kilusan, sistematiko, brutal at walang-patumanggang dinadahas ng pasistang estado ang mga di-armadong mamamayan. Patung-patong ang mga kaso ng masaker, *salvaging*, istraping, hamleting,



pambubugbog, ilegal na pag-aresto, panghahalughog, panununog at iba pa.

Nitong unang linggo ng Pebrero, anim na tao ang minasaker ng isang *commando team* ng 19<sup>th</sup> IB PA sa pamumuno ni Cpl. Priscillo Recile at 1<sup>st</sup> Lt. Marlon Belarmino ng 801<sup>st</sup> Bde sa Kapakuan, Palapag, Northern Samar. Napaslang si Ermito Nuguit, ang kanyang asawa, ang tatlo nilang anak kasama ang 10-buwang sanggol, at ang bisita nilang si Raul Trapallo. Pinagtakpan ng militar ang responsibilidad nila sa masaker, na ayon sa kanila ay isang ‘engkwentro’ sa pagitan nila at ng BHB. Nang batikusin sila ng mga grupong nagtataguyod sa karapatang-tao, pinalabas na lamang na pugante si Nuguit.

Sa Landing, Tagkawayan, Quezon, kahit may mga sibilyan ay walang-habas na pinaputukan noong Nobyembre 13, 1998 ng mga tropa ng 16<sup>th</sup> IB ng 2<sup>nd</sup> ID ang isang bahay na pinagpapahingahan ng mga Pulang mandirigma. Napaslang kasama ng apat na Pulang mandirigma ang mag-asawang may-ari ng bahay na sina Vicente at Elsa Capistrano, ang ama nilang si Loreto at si Gemmalyn Velasco, na apat na buwan nang nagdadalantao. Sama-samang itinapon ng militar sa iisang hukay ang mga bangkay at tinakot ang mga kamag-anak ng mga napaslang na huwag galawin iyon.

Pinakahuli lamang ito sa serye ng pamamaslang ng mga tropa ng AFP sa mga pinaghihinalaang sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan. Mula Agosto hanggang Setyembre 1998, pitong sibilyan ang naiulat na pinaslang ng mga sundalong naglulunsad ng operasyong ‘kontra-insurhensya’ sa iba’t ibang insidente sa mga lalawigan ng Quezon, Palawan, Agusan del Sur at Misamis Oriental.

Bago ideklarang “no man’s land” ang Lagonglong, Misamis Oriental noong Setyembre 1998, pinatay ng 31<sup>st</sup> Special Forces Coy, 4<sup>th</sup> ID PA si Richard Balangiao, isang magsasaka. Dalawang kasama pa niya ang inaresto, ikinulong at tinortyur. Anim na pamilya doon ang hinaras. Hinalughog din ng mga sundalo ang kanilang mga tahanan.

**ANG SUMASAHOL NA  
PASISMO AY LALO LAMANG  
MAGPAPABILIS SA  
PAGKAKAHIMAWALAY NG  
REAKSYUNARYONG  
REHIMENG US-ESTRADA AT  
LALONG MAGTUTULAK SA  
MAS MALAWAK PANG HANAY  
NG MAMAMAYAN NA  
TUMINDIG AT LUMABAN,  
LALONG MAGPURSIGE SA  
PAGPALAWAK NG MGA  
REBOLUSYONARYO AT  
PROGRESIBONG  
ORGANISASYON, AT LALONG  
MAGPAKAHUSAY SA  
PAGSUSULONG NG IBAT  
IBANG ANYO NG ARMADO AT  
DI-ARMADONG PAGLABAN.**

Patuloy din ang iba’t ibang paraan ng pang-aabuso sa mga sibilyan. Noong Disyembre 3, 1998, pwersahang pinasok at hinalughog ng mga tropa ng 12<sup>th</sup> IB sa pamumuno ni Tinyente Calibo ang isang tahanan sa Sitio Viejo, Sebaste, Antique. Dito’y nakatagpo raw ang mga tropa ng “listahan” ng kasapian ng umano’y lihim na organisasyon. Isang gabi, may dumating na mga lasing na sundalo sa bahay at nag-utos ang mga itong magtipon

para sa interrogasyon ang kababaihang nasa “listahan”. Nagsitago at nagsialis ang naturang kababaihan sa takot na dahasin ng mga pasista.

Laganap ang pananakot, panghahalughog at panununog ng tahanan, marahas na pagpapalayas, pagnakaw ng mga ari-arian at pagwasak ng kabuhayan ng mga magsasaka. Noong Agosto 1998, pinalayas ng 37<sup>th</sup> IBPA ang 29 pamilya sa Batasan, Makilala, Hilagang Cotabato. Noong Setyembre 1998, pinagbabaril ng 31<sup>st</sup> IBPA ang bahay ni Rogelio Ortega sa Lopez, Quezon, at ninakawan pa siya ng kalahating sako ng bigas, sapatos, pitaka at sedula. Isang 40 taong-gulang na lumpo ng magsasaka naman ang inaresto nang hatinggabi ng mga sundalo at ininteroga hanggang alas-5 kinaumagahan sa Compostela Valley noong Oktubre 1998.

Sa Pulot, San Antonio, Kalayaan, Laguna noong Nobyembre 6, 1998, sinalakay ng tropa ng 9<sup>th</sup> Scout Ranger Company ang tahanan nina Priscilla at Jose Federico. Iligal silang inaresto at sinampahan ng kasong kriminal, kasama ang tatlo pang sibilyan at si Ka Jonas, istap ng Kawanihan

sa Impormasyon ng Partido. Giniba pa matapos pagnakawan ng mga sundalo ang bahay at tindahan ng mag-asawang Federico. Ilang araw na itinago at pinagkaitan ng karapatang makipagkita sa kanyang mga kamag-anak at abugado si Ka Jonas.

Dumarami rin ang mga kaso ng pwersahang pagpapasuko sa mga taumbaryong inaakusahang mga kasapi ng BHB o tagasuporta nila. Sapilitan silang ginagawang giya sa mga operasyong militar at pinapasapi sa mga grupong paramilitar tulad ng CAFGU sa mga lalawigan ng Isabela, Rizal, Capiz, Agusan del Sur at iba pa. Pitong magsasaka ang pinalabas na mga surenderi ng 21<sup>st</sup> IBPA sa Minuri, Jones, Isabela noong Agosto. Dalawang Manobo ang pinagbabaril ng mga tropa ng 401<sup>st</sup> Brigade sa Prosperidad, Agusan del Sur noong Setyembre, matapos tumangging lumahok sa “Bagani Warriors”, isang grupong paramilitar.

Noong Nobyembre 12, 1998, inaresto at dalawang araw na ikinulong ng 6<sup>th</sup> at 9<sup>th</sup> Army Scout Rangers si Cresencio Cruz ng Bgy. Puray, Rodriguez, Rizal. Habang pinipilit ng mga sundalong sila’y samahan sa operasyon, kinulata siya nang ilang ulit hanggang sa nagdumi at tuluyang malumpo. May tatlo pa siyang kasamahang pinagmalupitan din ng naturang tropa.

### **Sa ngalan ng mga patakarang makadayuhan at anti-mamamayan**

Kung saan mayroong mga dambuhalang negosyo ang mga dayuhang kapitalista at lokal na burgesya kumprador at asendero, mayroon ding mga malawakang operasyon at abusong militar. Bahagi ito ng garapalang paggiit ng rehimeng Estrada sa mga patakarang tulad ng Mining Act at Land Lease Act na pampabuya sa pang-ekonomyang interes ng imperyalismo at mga lokal na reaksyunaryo, sa kabila ng – at sa tangkang pigilan ang – lumalawak na pagtutol dito ng mamamayan.

Sa Pampanga, Bulacan, Batangas, Cebu, Bohol at Compostela Valley, inaatake ng pulisya at mga pwersang militar ang buu-buong mga komunidad ng mga magsasaka upang bigyang-laya ang mga asendero at debeloper na mangamkam ng lupa.

Upang sugpuin ang pagtutol sa pangangamkam ng lupa ng Dalahican Agro-marine Corporation at ng First Noveleta Realty and Development Corporation, ipinapatay si Roberto Kinney, isang lider magsasaka sa Noveleta, Cavite noong Disyembre 1998. Apat na lider-magsasakang tulad ni Kinney ang ipinapatay din sa Leyte, Bohol at Cebu, sa iba’t ibang insidente.

Sa Kayrilaw, Nasugbu, Batangas noong Disyembre 8, 1998, dinakip, iginapos at brutal na binugbog sina Danilo Caisip at Jayson Nieva nina Barangay Captain Jorge Gerpacio, Gregorio Dimapilis, Eric Gerpacio, Serafin Alegre, Domingo de Padua, Rudy Vidal at iba pang di nakikilalang salarin. Sina Caisip at Nieva ay kabilang sa mga magsasakang mahigpit na tumututol sa nagaganap na malawakang *land use conversion* ng mga sakahan sa Nasugbu upang tayuan ng mga pasilidad panturista. Matapos nito, ipinasa sila sa 401<sup>st</sup> PNP Mobile Force ng Palico, Nasugbu na

pinamumunuan ni Maj. Israel Ephraim. Hanggang ngayo'y hindi pa inililitaw sina Caisip at Nieva.

Nito ring Nobyembre 1998, dumanas ng mas matinding pambubuska at pananakit mula sa mga tropa ng 6<sup>th</sup> IB sa pamumuno nina 1Lt. Harold Argamoza at 2Lt. Federico Amboy ang mga residente ng Bgy. San Antonio sa Cuartero at Bgy. Ginbalian sa Maayon, Capiz. Isang residente ang sinabunutan habang iniinteroga at binantaang babarilin ang walong-taong gulang niyang anak. Mula pa noong Hulyo 1998, hindi na tinantanan ng mga sundalo ang pananakot sa mga residenteng tumututol sa eksplorasyon ng Mt. Isa Minera, isang Australyanong kumpanya sa pagmimina na nakabase sa Lemery, Iloilo.

Sa Bohol, inilunsad ang mga umano'y operasyong "*counter-insurgency*" upang supilin ang pagtutol ng mga organisasyong magsasaka sa Cebu-Inabanga Water Deal. Naghahari ang kapang-yarihang militar sa Tuburan, Cebu – tinagurian ding "*counter-insurgency*" ang operasyong sumupil sa paglaban ng mga magsasaka sa pangangamkam ng lupa sa ilalim ng makadayuhang programa ng Socialized Integrated Forestry Management Areas.



### Patuloy na paglabag sa mga batas ng digma

Maging ang arbitraryong pagtanggong ipatupad ang Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang-Tao at sa Internasyunal na Makataong Batas o CARHRIHL at ang arogante at makaisang-panig na pagsuspindi ng rehimeng Estrada sa negosasyong pangkapayapaan ay patunay na sasagasaan nang walang pagdadalawang-isip ng rehimen ang anumang bagay na hahadlang sa tapat nitong paglilingkod sa mga amo, kumpadre, kamag-anak at kaibigan nitong naghaharing-uri.

Katunayan, nagkandarapa ang reaksiyunaryong estado na maibalik sa AFP mula sa PNP ang pangunahing responsibilidad sa "kontra-insurhensya" upang sugpuin ang paglakas ng armadong pakikibaka at mga protesta at pakikibakang masa. Ngayon, nakatutok sa militante at rebolusyonaryong mamamayan ang lalong pinapatinding pasismo at mga opensibang militar.

Sa larangan ng digma, lalong malupit at di-makatao ang pagtrato ng pasistang AFP sa mga nabibihag nila sa

digma. Dumarami ang kaso ng mga *hors de combat* na tinortyur, sinalbeyds, o naging *desaparecido* sa kamay ng mga tropa ng AFP at PNP.

Sa Dituray, Tigbao, Zamboanga del Sur nitong Enero 17, pinaslang nang walang kalaban-laban ng pinagsanib na pwersa ng CAFGU at 51<sup>st</sup> IBPA si Myra Algarme (Ka Noah), isang istap ng NDFP, habang naliligo sa ilog. Sugatan na nang madakip ng mga sundalo si Alejandro Alcareza (Ka Oca), isang Pulang mandirigma. Sa halip na lapatan ng paunang lunas, ininteroga siya at pinabayaang magdugo hanggang mamatay. Kinarga na parang mga baboy ang mga bangkay nina Ka Noah at Ka Oca at dinala sa bayan ng Tigbao. Napalibing ang

kanilang mga labi dahil lamang sa pakiusap ng mga sibilyang awtoridad.

Noong Disyembre 7, 1998, si Domingo Baluncio (Ka Mel), isang Pulang mandirigma, ay pinagkaitan din ng atensyong medikal ng mga elemento ng 1<sup>st</sup> IBPA. Si Baluncio ay nasugatan sa binti sa isang labanan sa Bato, Camarines Sur. Sa kabila ng malinaw niyang katayuang *hors de combat* at pakiusap at alok ng mga residente na dalhin siya sa ospital, si Baluncio ay dinakip, isinakay sa trak at pinahirapan ng mga sundalo. Natagpuan na lamang siyang patay at

maraming pasa sa katawan—isang kilometro mula sa lugar kung saan siya dinakip.

Hindi lamang mga sugatang Pulang mandirigma kundi maging ang mga pangkaraniwang mamamayan ay pinagkakaitan ng AFP ng serbisyo medikal. Noong Setyembre 1998, tinakot ng PNP Regional Mobile Group ng Bohol ang isang pangkat medikal at pinigilan silang magserbisyo sa Bgy. Ilaya, Inabanga dahil mga suporter lamang umano ng BHB ang gagamutin ng grupo. Gayundin, noong Oktubre 1998, binantaan ng mga elemento ng 29<sup>th</sup> IB at 36<sup>th</sup> IB ang mga residente ng Rosario, Agusan del Sur na sinumang lalahok sa Basic Christian Communities at magboboluntaryo bilang manggagawa sa kalusugan ay ituturing na tagasuporta ng BHB.

Palagi nang kakambal ng marahas na panunupil ng pasistang estado sa mamamayan ang *psywar* na aktibong nilalahukan ng mga oportunista at rebisyunistang taksil. Gayunpaman, ang *psywar* ay isang kupas nang maskara na tuluyang pinupunit ng walang-habas na kontra-



## Ang mga pasistang krimen ni Hen. Panfilo Lacson sa Cebu

**S**i Hen. Panfilo Lacson, pinuno ng Presidential Anti-Organized Crime Task Force (PAOCTF), ay isang mahusay na halimbawa ng pasistang pagmamalupit laban sa mamamayan. Madugo ang rekord ni Lacson na siya ngayong super-pulis, pinakapaborito at pinakapinagkakatiwalaan ni Estrada.

Sa pamamagitan ng isinasagawang imbestigasyon ng Panrehiyong Pamatnugutan sa Operasyon ng Bagong Hukbong Bayan sa Gitnang Kabisayaan, mas malalim na nauungkat ang kriminal na rekord ni Heneral Lacson lalo na noong siya'y Kumander ng Metrodiscom-Cebu simula noong ikalawang hati ng dekadang '80. Iniimbestigahan din ang rekord ng kasabwat ni Lacson na si Hen. Benjamin Paclibar, kasalukuyang pinuno ng PAOCTF sa Kabisayaan at dating kumander ng 341<sup>st</sup> PC Company na nakabase sa Camp Sotero Cabahug, Lahur City, Cebu.

Patuloy na tumatanggap ang BHB-Gitnang Kabisayaan ng mga ulat at ebidensya hinggil sa mga pasistang krimen ni Lacson at Paclibar. Kabilang sa panimulang naitala na ang mga sumusunod:

**1.** Militarisasyon at paghasik ng pasistang lagim sa Baryo

Luz, T. Padilla, B. Rodriguez, Ibabao, Mandaue at iba pang komunidad ng maralita sa Cebu noong 1988-89. Hinamlet ang buubuong mga komunidad ng maralitang-lunsod, isinagawa ang mga arbitrario at malawakang panghahalughog at pang-aaresto, na walang habas na sumira sa kabuhayan ng mga maralita.

**2.** Pagtortur kay Teodoro Serecon, pinaghinalaang partisano, noong Pebrero 1990. Tinadtad ng "stapler" ang kanyang likod at nagmartilyo ng pako sa kanyang mga binti at paa nang siya'y ipinailalim sa interogasyon.

**3.** Pagtortur ni Paclibar kay Simplicio Abendan, Pulang mandirigmang *hors de combat*, na nahuli ng militar noong Hulyo 1990 sa Pung-ol, Sibugay, Cebu City. Sa harap ng kanyang mga tauhan at residente sa lugar, dinukot ni Paclibar sa pamamagitan ng bayoneta ang mga mata ni Abendan habang ang huli'y buhay pa.

**4.** Pag-aaresto at pagbugbog kay Erasmo Vitualla, pinaghinalaang partisano, noong Oktubre 1990. Inaresto siya sa kanyang kasal, at inaresto pati ang

kanyang asawa at mga panauhin.

**5.** Pagdukot kay Jimmy Badayos, lider manggagawa, noong Nobyembre 1990.

**6.** Pagbubuo at pagpapalaganap ng mga pangkat ng panatiko at *vigilanteng* anti-komunista na naghasik ng ligalig sa libu-libong pamilya sa Central Cebu at sa mga mabundok na barangay ng Metro Cebu tulad ng Talisay at Pardo noong 1987-90.

Pinangunahan nina Lacson at Paclibar ang pagtatayo ng mga panatikong grupong paramilitar at ang pwersahang pagrekrut, pagsasanay at pag-aarmas ng mga taumbaryo sa mga naturang grupo. Inobligat ito na walang patumanggang mamaril, mambugbog, mamaslang at umabuso sa mga pinaghihinalaang mandirigma, tagasuporta at simpatisador ng BHB, na karamihan ay mga kababaryo at kamag-anak nila. Malawakang diniskaril ang kabuhayan ng libu-libong mamamayan sa Central at Metro Cebu sa madugong kampanyang pinamunuan ng dalawang upisyal.

Ang mga kriminal na aktibidad ni Lacson at iba pang pasistang upisyal na katulad niya ay hindi siniyasat ni pinag-ukulan ng pansin ng mataas na pamunuan ng reaksyunaryong gubyerno at AFP. Sa halip, patuloy pa silang binigyan ng mas mataas na pusisyon hanggang sa makapangibabaw sa pasistang pulisya sa ilalim ng gubyernong Estrada. Sa lalong lumalaking kapangyarihang ►

rebolusyonaryong pandarahas ng reaksyunaryong rehimen.

Paulit-ulit, walang patumangga at papatindi ang mga paglabag ng reaksyunaryong estado sa karapatang-tao at mga internasyunal na makataong batas. Sa ibayong pagtindi ng krisis pang-ekonomya at pampulitika ng reaksyunaryong sistema, tiyak na lalong paiigtingin ng rehimeng Estrada ang paggamit ng kontra-rebolusyonaryong dahas laban sa

mamamayan at rebolusyonaryong kilusan.

Ang sumasahol na pasismo ay lalo lamang magpapabilis sa pagkakahinala ng reaksyunaryong rehimeng US-Estrada at lalong magtutulak sa mas malawak pang hanay ng mamamayan na tumindig at lumaban, lalong magpursigi sa pagpapalawak ng mga rebolusyonaryo at progresibong organisasyon, at lalong magpakahusay sa pagsusulong ng iba't ibang anyo ng armado at di-armadong paglaban. ■



## Laban sa Warrantless Arrest ni Lacson

Ang Partido Komunista ay kaisa ng malawak na seksyon ng lipunan sa pagkundera sa pasistang panukala ni Hen. Panfilo Lacson na buhayang muli ang ASSO at PDA ng bumagsak na diktadurang US-Marcos. Noong ikalawang linggo ng Pebrero, iginiit ni Hen. Lacson na gawing ligal ang “warrantless arrest” o ang kapangyarihang mang-aresto ng reaksyunaryong militar at pulisya kahit di na dumadaan sa ligal na proseso at pagbasbas ng hukuman.

Isa na naman itong pruwera ng pagsangkalan ng reaksyunaryong rehimeng US-Estrada sa isyu ng kriminalidad at kampanya laban sa kriminalidad para malawakang sikilin ang mga demokratikong karapatan at sa gayo’y ipataw ang mas masahol pang mga patakarang antimasa, antinasyunal at antidemokratiko.

Ang panukala na ito ni Lacson ay isa lamang sa marami nang ipinatutupad na at inihahanda pa ng rehimeng Estrada na mga lantarang pasistang patakaran at mga batas kabilang na ang pagbabawal sa welga, pagbasura sa batas sa minimum na sahod, at iba pa. Subalit ang mga ito ay sasalubugin ng galit at militanteng pagtutol ng mamamayan. Tiwala ang Partido na ang walang patumanggang pagyurak sa mga karapatang-tao ay lubos na bibigun ng mamamayang Pilipino. **AB**

◀ ipinahahawak kay Lacson, ang inihasik niyang ligalig sa Metro Cebu ay kaya niya ngayong ihasik sa buong bansa.

Wasto lamang ang patuloy na pagsisiyasat, pagsasadokumento at pag-usig ng mga pasistang krimen sa panahon ng diktadurang US-Marcos at sumunod na mga reaksyunaryong rehimeng Aquino, Ramos at Estrada. Dapat engganyuhin ang lahat ng biktima ng mga naturang krimen at mga kamag-anak nila na lumapit sa mga kinauukulang yunit ng BHB at NDF para matulungan silang kamtin ang katarungan. **AB**

## Heneral ng AFP, 2 pang upisyal Inaresto ng BHB



**Pebrero 17, 2:15 PM –**  
**Sa So. Tabak, Brgy. Carmen, Distrito ng Baguio, Lunsod ng Davao, inaresto ng Merardo Arce Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang dalawang matataas na upisyal ng Philippine Army.**

Sa isang matagumpay na “entrapment operation”, nasa-kote ng mga Pulang mandirigma si Brig. Hen. Victor Obillo, Kapt. Eduardo Montealto, isang

Korporal Lipaolipao at ang kanilang drayber na si Rogelio Mendoza. Si Obillo ay kumander ng 55<sup>th</sup> Engineering and Construction Brigade na nakabase sa Lunsod ng Davao. Si Montealto ang upisyal sa lohistika ng naturang brigada samantalang si Lipaolipao ang *aide-de-camp* ni Obillo. Matapos ang ilang oras, pinalaya si Lipaolipao at si Mendoza para ipaabot ang mensahe ng Merardo Arce Command sa AFP. Armado ng .45 si Obillo at Montealto nang sila’y arestuhin.

Ayon sa pahayag ng Merardo Arce Command, inaresto ang dalawang upisyal habang nagsasagawa sila ng mga kontra-rebolusyonaryong aktibidad sa loob ng mga teritoryo ng National Democratic Front of the Philippines (Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas o NDFP).

Samantala, noong Pebrero 21, inaresto ng BHB-Sorsogon si Chief Insp. Roberto Bernal, upisyal sa paniktik ng Philippine National Police (PNP) na nakabase sa pambansang tanggapan ng Department of Interior and Local Government (DILG) sa Lunsod ng Quezon. Bandang alas-11 ng umaga sa San Juan, Bacon, Sorsogon, dinakip ng mga Pulang mandirigma si Bernal habang nakikipagpulong ang huli sa isa niyang *asset* sa naturang baryo.

Ayon pa sa pahayag ng BHB-Sorsogon, si Bernal ay inaresto sa isang taktikal na opensiba dahil “sa kanyang aktibong papel sa paglalatatag ng *intelligence network* (lambat paniktik) laban sa rebolusyonaryong kilusan hindi lamang sa Sorsogon kundi sa buong Bikol”. Malimit pumunta si Bernal sa Sorsogon para kumustahin ang kalagayan ng kanyang binubuong *network* at para dalawin ang kanyang kalaguyo.

Ang pag-aresto kina Obillo, Montealto at Bernal ay mga tagumpay na tanda ng pagsulong ng armadong pakikibaka na nakabatay sa papalawak at papalalim na baseng masa. Ito rin ay alinsunod sa panawagan ng Komite Sentral ng PKP na paigtingin ang mga taktikal na opensiba kabilang na ang pagbihag sa mga upisyal at kawal ng AFP at PNP, tuwing may pagkakataon.

Itinuturing na bihag ng digma ang tatlong upisyal at tinatamasa nila ang mga kaakibat na karapatan batay sa mga patakaran ng BHB, ng

demokratikong gubyernong bayan, ng Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa Karapatang-Tao at sa Internasyunal na Makataong Batas o CARHRIHL at mga internasyunal na batas katulad ng mga Kumbensyon ng Geneva at Protocol I. Ito ay nakabatay na rin sa pagkilala sa kanilang katayuan bilang mga kombatan ng reaksyunaryong hukbo.

Nirerespeto ng mga *custodian* o mga yunit ng BHB na nangangalaga sa mga bihag ng digma ang mga karapatan at tinitiyak ang kalusugan at kaligtasan ng tatlong upisyal. Alinsunod sa kanilang katayuan bilang mga bihag ng digma, maaari silang litisin sa rebolusyonaryong hukumang bayan, at kung mapapatonayan, ay paparusahan bilang mga kriminal sa digma o *war criminals*, na may pagsasaalang-alang sa bigat ng kanilang mga sala. Sa kabilang banda, maari silang patawarin at palayain alinsunod sa umiiral na patakaran ng makatao at maluwa na pagtrato ng rebolusyonaryong kilusan sa mga bihag ng digma.

Kagnay nito, agad na ipinahayag ng NDFP ang kahandaan nitong makipagnegosasyon sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) para sa posibilidad ng kagyat na pagpapalaya sa mga bihag ng digma. Ang NDFP Negotiating Panel ang tanging awtorisadong organo ng rebolusyonaryong kilusan para makipagnegosasyon sa GRP hinggil sa mga bihag ng digma.

Subalit tahasang binalewala ng rehimeng Estrada ang bukas-palad na alok ng NDFP Negotiating Panel. Sa halip, dali-dali nitong tinambakan ng dagdag na tropa ang kabundukan ng Lunsod ng Davao, sinona ang mga komunidad, tinadtad ng mga tsekpoynt ang mga daan at

mapagmalaki pang nag-anunsyo ng pagpapataw ng blokeyo sa pagkain sa ilang mga lugar. Sa ngalan ng paladigmang “rescue operations”, lalo nitong inilalagay sa panganib ang mga buhay ng kanilang “inililigtas”. Higit pa rito, sa kanilang walang patumang-gang operasyong militar, sinasagasaan nila ang mga karapatan at kabuhayan ng libu-libong mamamayan sa lugar.

Samantala, sa isang hakbang na nagpapamalal ng

## Sino ang itinuturing na kombatan?

**N**ang inaresto ng BHB si Hen. Victor Obillo at Kapt. Eduardo Montealto, iginiit ng mga upisyal ng GRP at AFP na sila ay mga “non-combatant”, mga di lehitimong target ng armadong tunggalian. Sa gayon umano, ang pag-aresto sa kanila ay labag sa pandaigdigang mga regulasyon sa digma. Kasabay nito, nagmamatigas ang GRP na ang dalawang upisyal ay hindi mga bihag ng digma kundi mga biktima raw ng pagkidnap at nagpostura itong hindi makikipagnegosasyon sa NDFP para sa pagpapalaya sa kanila.

Magkasalungat ang dalawang tindig na ito ng GRP/AFP: Sa isang banda, iginigiit nila sa BHB na kailangan itong sumunod sa mga pandaigdigang regulasyon sa digma, sa partikular, sa usapin ng istriktong pag-iiba sa kombatan at di kombatan. Subalit sa kabilang banda, patuloy itong tumatangging kilalanin ang katayuan ng BHB bilang katunggali sa isang digmaang sibil at nagpupumilit na ituring ang rebolusyonaryong kilusan bilang isang panloob na suliranin ng pulisya, isang “insurgency” na di saklaw ng mga batas ng digma.

Katunayan, sina Obillo at Montealto ay mga kombatan.

Ayon sa Protocol I, ang “mga kasapi ng armadong pwersa ng isang panig sa isang tunggalian (liban sa mga tauhang medikal at mga kapelyan o *chaplain*...) ay mga kombatan, ibig sabih’y, mayroong karapatang direktang lumahok sa labanan”.

Kung kaya’t tahasang disimpormasyon ang ipinangangalandakan ni Orlando Mercado, Kalihim ng Department of National Defense at iba pang matataas na upisyal ng AFP na sina Obillo at Montealto, na mga upisyal ng 55<sup>th</sup> ECB, ay hindi mga kombatan at pawang konstruksyon lamang ng mga daan at tulay ang inaasikaso, na tila walang ipinagkaiba sa mga tauhan ng Department of Public Works and Highways.

Sa istruktura ng AFP, ang ECB ay isang *combat support unit*; ito ay armadong yunit na ang mga gawain ay nakatuon sa mga konstruksyong kinakailangan sa mga operasyon at layuning militar. Kasama ng ECB sa *combat support units* ng Philippine Army ang Signal (komunikasyon sa radyo) at PALAB (Philippine Army Light Armor Brigade). Ang mga ito ay tuwiran at importanteng bahagi ng mga operasyong pangkombat, di gaya ng *service support units* (hal., medikal at mga *chaplain*).

Sina Obillo at Montealto na parehong armado ng .45 nang madakip, ay mga kombatan at lehitimong target ng armadong aksyon ng BHB. **AB**

iresponsibilidad, kapusukan at kamangmangan sa prosesong pangkapayapaan, pormal na sinuspinde ni Estrada ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP, kasabay ng iligal na pagkansela ng epektibidad ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG).

Lalong nabibitag ang rehimeng Estrada sa sarili nitong pagsisinungaling at kawalang kakayahang sugpuin ang rebolusyonaryong kilusan. **AB**

**ANG PAG-ARESTO  
KAY HEN. OBILLO,  
KAPT. MONTEALTO  
AT CHIEF INSP.  
BERNAL AY MGA  
TAGUMPAY NA  
TANDA NG  
PAGSULONG NG  
ARMADONG  
PAKIKIBAKA NA  
NAKABATAY SA  
PAPALAWAK AT  
PAPALALIM NA  
BASENG MASA.**

Rebolusyonaryong kilusan sa Mindanao:

# Sa landas ng matatag na pagsulong

*“Tiyak na ang agos ng pagsulong.”*


**B**uong tatag itong idineklara ng Komisyon sa Mindanao ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) nang baybayin nito ang kalagayan ng rebolusyonaryong kilusan sa isla mula nang ilunsad ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP) noong 1992-93. Sa espesyal na isyu ng *Pulang Tamdanan* (dyurnal sa pulitika ng Partido sa Mindanao) na inilathala sa okasyon ng ika-30 anibersaryo ng PKP, inilarawan ang pagpapanibagong-lakas ng rebolusyonaryong kilusan sa Mindanao sa iba't ibang larangan, laluna nitong nakaraang tatlong taon.

Anang Komisyon sa Mindanao, patuloy na lumaki at lumakas ang mga rebolusyonaryong pwersa mula 1995 hanggang kasalukuyan. Bunga ito ng matatag na pagtataguyod sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at pagpupunyaging sumulong muli ayon sa wastong linya ng demokratikong rebolusyong bayan at matagalang digmang bayan.

Hindi lamang napreserba ng Partido at rebolusyonaryong pwersa ang sarili. Ibayo pang nakonsolida sila sa pamamagitan ng pagtatakwil sa mga malubhang paglihis at pagkakamali sa nakaraan. Determinadong nagpapanibagong-lakas sila sa pamamagitan ng masikhay na pagpukaw at pag-oorganisa sa masa at militanteng pamumuno sa armado at di-armadong pakikibaka ng mamamayan. Sa gayon, naigpawan ang malalaking pinsala at pag-atras na dulot ng adbenturismong militar at insureksyunismong lunsod at ng todong mga opensibang militar ng kaaway mula kalagitnaan ng dekada '80 hanggang maagang bahagi ng dekada '90. Muling tumatahak ang rebolusyonaryong kilusan sa Mindanao sa landas ng matatag na pagsulong sa wastong rebolusyonaryong direksyon.

## Pagpapalakas ng Partido

Pinakamahalagang tagumpay ng Ikalawang Dakilang



Kilusang Pagwawasto sa Mindanao ang konsolidasyon sa ideolohiya ng organisasyon ng Partido. Ang kamalayan ng buong Partido sa Marxismo-Leninismo-Maoismo at linya ng demokratikong rebolusyong bayan ay naitaas sa antas na di hamak na mas mataas kaysa alinmang panahon sa nakaraan.

*Pagbubuo sa ideolohiya.* Itinuring na numero unong prayoridad ng Komisyon at mga Komiteng Rehiyon ang gawain sa ideolohiya, partikular ang paglalagom ng mga karanasan, pagpapalaganap ng mga batayang

dokumento ng pagwawasto, pagpapalaganap ng mga pag-aaral sa tatlong-antas na kurso ng Partido, at malawak na pagpapatupad ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili.

Mahigit 90% ng mga kadre at kasapi ng Partido ang nabigyan ng pag-aaral sa mga batayang dokumento ng pagwawasto. Halos kasabay ng pagpapalaganap sa mga dokumento ng kilusang pagwawasto ang kampanya ng pag-aaral sa Batayang Kurso ng Partido (BKP). Mahigit 80% ng mga buong-panahong kasapi ng Partido, liban pa sa mga kasaping nasa mga sangay at grupo ng Partido sa mga lokalidad ang nakatapos na ng kurso. Sinimulan din noong 1995 at patuloy na pinalalaganap ang pag-aaral sa Intermedyang Kurso ng Partido. Mula 1997 idinaos sa hanay ng mga namumunong komite at kadre sa antas ng mga rehiyon ang mga pinalalim na pag-aaral sa mga paksa at sangguniang babasahin ng BKP habang wala pa ang Abanteng Kurso na tuwirang pangangasiwaan ng sentral na pamunuan ng Partido.

Komprehensibong nilagom ang mga karanasan ng Partido sa Mindanao mula 1979 hanggang 1992 at pinagkaisa ang pag-unawa ng mga rebolusyonaryong pwersa sa nakaraang rebolusyonaryong praktika at mga kongkretong sirkunstansyang istoriko nito. Tinukoy ang mga naging pagsulong at pag-atras at ang mga dahilan ng

mga iyon, at pinaghalawan ng mga aral na nagsisilbing gabay sa pagtutuwid ng mga kamalian at pagpapanibagong-lakas ng rebolusyonaryong kilusan. Nakapaglagom na rin ang apat na rehiyon ng Mindanao (ang Hilaga, Timog, Malayong Timog at Kanluran) at ang ilang mas nakabababa pang organisasyong panteritoryo ng Partido. Regular ang pagtatasa ng mga gawain sa iba't ibang antas ng organisasyon at idinaraos kaugnay ng mga ito ang pagpuna at pagpuna-sa-sarili.

Ang mga namumunong komite at kadre ng Partido ay tumibay sa mahirap na pakikibaka. Walang-tigatig na nagpursigi sila sa demokratikong rebolusyon ng bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan sa harap ng todong pagsalakay ng reaksyunaryong estadong papet at walang patumanggang pananabotahe at pag-atake ng mga kontrarebolusyonaryong rebisyunistang taksil. Kinailangan ding pangibabawan ang mga “Kaliwa” at Kanang tendensyang tumindi sa loob ng Partido bunga ng matagal na pamamayani ng mga disoryentasyon at pagkukulang at pagpapatung-patong ng mga pinsala at suliraning lumala at nagkumplika sa isa't isa.

Kumplikado ang naging pakikitunggali sa mga rebisyunistang taksil na gumamit ng lahat ng tipo ng pang-iintriga, pambabaluktot at pagtutulak ng rehiyunalismo at sentimentalismo para manghati at mangwasak. Pero ang mga kadre at kasapi ng Partido—liban sa kakarampot na tuluyang nagpakalulong sa rebisyunismo, oportunismo at kabulukan—ay nanatiling matapat sa mga proletaryong rebolusyonaryong prinsipyo, marangal na nagtanggol sa integridad ng Partido at rebolusyonaryong kilusan, at lubos na bumigo sa mga rebisyunistang taksil at kanilang kontrarebolusyonaryong operasyong demolisyon.

Sa ngayon, patuloy na pinatatagos sa lahat ng bahagi ng Partido ang kampanya sa edukasyon upang higit pang itaas ang antas ng teoretikong kakayahan ng mga kadre at kasapi ng Partido. Ang paglalagom ng ilang rehiyon ay kailangan pang isadokumento upang sistematikong maipalaganap sa kani-kanyang saklaw ang mga aral mula sa nakaraang praktika.

Patuloy ding mas sinisistematisa ang mga pulong pagtatasa at pag-aaral. Ang mga kadre ay kailangan din ng dagdag at mas sistematikong mga pagsasanay upang mapabilis ang kanilang komprehensibong pag-unlad. Kaugnay nito, binigyan ng partikular na pansin ng Komisyon ang pangangailangan ng higit na pagsasanay para sa mga lider ng mga yunit at pangkat na umaasikaso sa gawaing masa.

**Pagbubuo sa Organisasyon.** Napasigla rin ang pagpapalawak ng Partido bunga ng kilusang pagwawasto. Lumawak ang kasapian ng Partido. Sa kabuuan, higit pang napalalim ang balong pagmumulan ng mga bagong kasapi

ng Partido dahil sa patuloy na nakapagpapalitaw ng mas maraming aktibistang masa mula sa hanay ng mga magsasaka, manggagawa, kabataan, kababaihan, at mga propesyunal sa kanayunan at kalunsuran. Lumaki nang 10% ang kasapian mula 1994 hanggang 1995. Patuloy pang napalaki ang kasapian sa mga



susunod na taon at sa kasalukuyan, mas mataas nang mahigit 50% ang kasapian ng Partido kung ihahambing sa 1994. Malaking pag-igpaw ito kung ikukumpara noong 1992-1994, kung kailan sumadsad ang bilang ng kasapian mula sa rurok nitong ilang libo noong 1983-84.

Dumarami na rin ang mga kasapi ng Partido at aktibistang naipapadala sa kanayunan mula sa kalunsuran. Mula 1996 hanggang ngayon ay umabot sa mahigit 100 ang sumampa sa hukbo mula kalunsuran. Patuloy pang pinalalakas ang tunguhing ito. Ganap na kabaligtaran ito ng dating daloy na mula kanayunan patungong kalunsuran, bagay na inengganyo ng insureksyunistang linyang RAWA (“red area - white area”) at nagpahina sa Partido at kilusan sa kanayunan at sa kabuuan.

Mulat na itinataguyod ng organisasyon ng Partido sa Mindanao ang prinsipyo ng demokratikong sentralismo. Naituwid na ang sobrang demokrasya, gayundin ang burukratismo na naging matinding sakit ng organisasyon noon. Mahigpit na ipinatutupad ng mga namumunong organo ang sistemang komite kung kaya’t makikita ang malusog na takbo ng organisasyon ng Partido sa iba’t ibang antas.

Gayunpaman, tinukoy ng Komisyon sa Mindanao ang pangangailangang pag-ibayuhin ang pagsisikap na palakihin pa ang organisasyon ng Partido relatibo sa mabilis na paglawak ng organisadong masa. Patuloy na binabaka kaugnay nito ang tendensyang magtakda ng napakataas at sektaristang pamantayan, gayundin ang simpleng kapabayaang pag-ukulan ng karampatang pansin ang sistematikong pagpapalawak.

### **Armadong pakikibaka at kilusan sa kanayunan**

Patuloy na lumalawak ang pamumuno at impluwensya ng Partido at pambansa-demokratikong kilusan sa Mindanao. Sa 24 probinsya sa buong isla, kinikilusan ang 18. Animnapu’t limang porsyento ng mga prayoridad na bayan at lunsod ay kinikilusan din.

### ***Rebolusyonaryong kilusang masa sa kanayunan.***

Masigasig na lumalawak ang saklaw ng mga larangang gerilya. Nitong 1998, halos 200% ang idinami ng bilang ng mga baryong kinikilusan kung ihahambing sa bilang noong 1994. Kabilang dito ang ilandaang komunidad ng mga lumad na aktibong lumalahok sa rebolusyonaryong pakikibaka.

Napatigil ang pagkitid ng mga larangang gerilya noong 1995 at nakapagbukas pa ng mga bago mula noon. Nabawi noong 1996-97 ang malaking bahagi ng dating Gitnang Mindanao (Central Mindanao Region) na ginulo ng operasyong demolisyon ng mga rebisyunistang taksil. Nabalikan ang malaking bahagi ng Kanlurang Mindanao at lumawak ang dati nang mga larangang gerilya sa Hilaga, Timog at Malayong Timog Mindanao. Iilan na lamang sa dating mga larangang gerilya ang hindi pa nababalikan. Sa kasalukuyan, mayroon nang 22 larangang gerilya sa buong isla, sangkapat ng kabuuang bilang ng mga larangang gerilya sa buong bansa.

Gayunpaman, nanawagan ang Komisyon sa buong kasapian na bigyan ng sentral na pansin ang ibayong pagpapabilis sa pagpapalawak at pagkokonsolida sa baseng masa. Tinatawagan ng Komisyon ang pansin ng buong organisasyon ng Partido sa pagpapaunlad ng mas marami pang buong-panahong kadre at mandirigma para lalo pang mapalawak ang baseng masa at mga larangang gerilya.

***Antipyudal na pakikibaka.*** Paparami na mula 1996-97 ang nailulunsad na mga antipyudal na pakikibaka sa kanayunan. Bukod sa mga kampanya para sa pagpapababa ng upa sa lupa, pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid, pagpapababa ng interes sa pautang, at pagpapababa ng upa sa mga kiskisan, mayroon ding nailunsad na ibang tipo ng pakikibakang masa kaugnay sa lupa.

Sa Malayong Timog Mindanao, lumakas ang kampanyang masa laban sa pangangamkam ng lupa ng Western Mining Company. Dito, hindi lamang batayang masa ang napakilos kundi napasuporta rin ang maraming panggitnang pwersa. Sa Timog Mindanao, malaganap ang kampanya laban sa IFMA (Integrated Forest Management Agreement). Sa munisipalidad ng Talaingod, Davao del Norte, ang masang lumad ay nagsusulong ng ligal at armadong paglaban sa Alcantara & Sons (Alsons), isang kumpanya sa *logging* na nangangamkam sa lupain ng mga Ata-Manobo. Sa Hilagang Mindanao, naglunsad ng mga pakikibakang masa laban sa pangangamkam ng lupa ng mga kumpanyang pag-aari ng malalaking burgesya komprador. Sa Kanlurang Mindanao, matagumpay ang kampanyang masa upang makabalik ang mga minoryang

Subanen sa kanilang mga lupain na sapilitang nilikas nila noong dekada '80 hanggang maagang bahagi ng dekada '90 dahil sa matitinding operasyong militar ng AFP. Nasimulan na rin sa rehiyon ang kampanyang masa laban sa pangangamkam ng lupa ng mga dayuhang minahan.

Libu-libong mamamayan sa buong Mindanao ang napakilos at sumuporta sa mga aksyong masang ito.

Tinukoy ng Komisyon ang pangangailangang pasiglahin at palaganapin pa ang mga antipyudal na pakikibaka dahil ito ang susing kawing ng gawaing masa sa kanayunan. Kailangan ding paghusayin ang pagsisiyasat at pagsusuri sa mga sosyo-ekonomikong isyu sa bawat baryo upang matumbok ang mga kongkretong problemang nagpapahirap sa masa at matugunan ng mga angkop na taktika at kampanyang masa.

Sa loob ng mga larangang gerilya, lumalawak ang saklaw ng mga organo ng kapangyarihang pampolitika na karamihan ay nasa antas baryo at larangan. Ang mga organong ito, na tumatayong binhi ng Pulang pamahalaan, ay nakapagpapatupad ng mga batas ng gubyernong bayan sa saklaw nilang teritoryo.

***Armadong pakikibaka.*** Mula 1995, mahigit 50 taktikal na opensiba ang isinagawa at mahigit 100 matataas na kalibreng armas ang nasamsam ng hukbong bayan sa Mindanao. Nitong Pebrero 17, sa isang operasyong gumulantang sa kataas-taasang pamunuan ng GRP at AFP, dinakip ng Merardo Arce Command ng BHB sa Timog Mindanao sina Brig. Gen. Victor Obillo at Kapt. Eduardo

Montealto sa Bgy. Carmen, Baguio, Lunsod ng Davao. Ang lahat ng ito ay pruwera ng mapagpasyang pagpihit mula sa mga pinsala, pag-atras at pasibidad na bunga ng malulubhang paglihis at pagkakamali sa nakaraan.

Bunga ng mga tagumpay sa pagpapalawak at pagpapalakas ng baseng masa, higit na tumatag, sumigla at lumaki ang hukbong bayan. Muling sumigla ang pagrekrut ng mga Pulang mandirigma at ang pagpapalawak ng mga pwersang gerilya.

Ang bawat larangan ay may pangunahing yunit gerilya na kadalasan ay platun ang pormasyon bagamat mayroon pang iskwad pa lamang. Ang mga yunit gerilya na ito ay gumaganap ng mga komprehensibong tungkulin sa militar, gawaing masa at produksyon. Mataas ang antas ng kanilang disiplina at mahigpit ang ugnayan sa masa.

Bukod sa mga buong-panahong yunit ng BHB, mayroon pang libu-libong kasapi ng milisyang bayan na nagpapatuloy sa kanilang kabuhayan sa bukid habang pana-panahong lumalahok sa mga operasyong gerilya,



tumutulong sa pangangalaga sa kaayusan sa mga baryo, at tumutupad ng iba pang suportang gawaing militar.

Patuloy na pinalalaganap at sinisistematisa ang pagsasanay na pulitiko-militar ng mga Pulang kumander at mandirigma. May sapat na bag-as ng mga kadreng militar na may malawak na karanasan sa pamumuno sa hukbo at sa pagpapalano at pangunguna sa mga aksyong militar.

### **Rebolusyunaryong kilusan sa kalunsuran**

Lumalawak at lumalakas ang ligal na demokratikong kilusan sa kalunsuran. Ang mga ligal na organisasyong masang nagtataguyod sa pakikibakang pambansa= demokratiko ay nasa unahan ng hayag na mga pakikibaka laban sa tumitinding pagsasamantala't pang-aapi ng nakaraang reaksyunaryong rehimeng US-Ramos at ng kasalukuyang reaksyunaryong rehimeng US-Estrada.

Mula 1995, isinagawa ang mga protesta at mobilisasyong masa sa mga pangunahing syudad ng Mindanao tulad ng Davao, Iligan, Cagayan de Oro, General Santos, Butuan, Tagum at Pagadian. Lumaki taun-taon ang bilang ng masang lumalahok sa mga mobilisasyong masa, mula sa iilan noong unang mga taon ng dekada '90 hanggang sa ilang daan at ilang libo na ngayon. Nasaksihan ang malalaking mobilisasyon sa mga raling inilunsad laban sa pakanang "charter change" o cha-cha ni Ramos at mga mobilisasyon laban sa pagtaas ng presyo ng langis at mga bilihan, sa GATT-WTO, sa Visiting Forces Agreement at iba pa.

Ang progresibong kilusang unyon ay pursigidong nagpapanibagong-lakas kasabay ng determinadong pagpapalawak ng rebolusyonaryong kilusang lihim sa mga pabrika, plantasyon, minahan at iba pang konsentrasyon ng mga manggagawa. Lumawak nang dalawang ulit ang bilang ng kinikilusang pabrika kumpara noong 1993-94. Palatandaan naman ng paglawak ng progresibo at militanteng unyonismo ang patuloy na paglaki ng mobilisasyon tuwing Mayo 1 at pagdami ng manggagawang lumalahok sa mga anti-imperyalista, antipasista at antipyudal na mga protestang masa. Noong 1997-98, garapal na nagsabwatan ang ilang aristokrata sa paggawa at malalaking kapitalista para buwagin ang mga progresibong unyon at patalsikin sa mga pabrika ang mga progresibong lider manggagawa. Mahigpit itong nilabanang ng militanteng kilusang paggawa at ng masang manggagawa.

Samantala, lumalawak din ang kilusang kabataan at estudyante. May mga progresibong organisasyon sa

ilampung malalaking eskwelahan sa iba't ibang bahagi ng Mindanao. Ang mga progresibong pwersa sa mga paaralang kinikilusan ay aktibong nagpapakilos sa masang estudyante sa mga pakikibaka laban sa papet at reaksyunaryong paghahari, bukod sa paninikil ng kalayaang akademiko at iba pang demokratikong karapatan ng mga estudyante at guro at patuloy na pagtaas ng mga bayarin sa pag-aaral. Ang masang kasapian sa ligal na mga organisasyon ng kabataan ay patuloy na lumalahok sa mga sektoral at multisektoral na mobilisasyon. Dumarami ang mga sulong na aktibistang masa mula sa hanay ng kabataan na nagpapasyang tumungo sa kanayunan at direktang lumahok sa armadong pakikibaka.

**Gawaing nagkakaisang prente.** Sa gawaing nagkakaisang prente, namamalas ang paglawak at pag-unlad ng batayang alyansa ng anakpawis. Marami-rami nang petiburges at iba pang sektor ang lumalahok sa mga pakikibakang nagdadala ng makabayan at demokratikong linya sa iba't ibang usapin. Lumaki rin ang bilang ng mga lihim na selula at balangay ng mga alyadong organisasyon ng National Democratic Front (NDF) sa hanay ng mga panggitnang pwersa. May ilang libo na ang kabuuang kasapian ng mga ito. Mahigit 50% ang itinaas ng bilang nila kung ikukumpara sa dami noong 1994.

Ang *Mindanao-wide Peace Forum* na ginanap mula Mayo 24 hanggang Hulyo 4, 1998 at pinangunahan nina Ka Luis Jalandoni at Ka Coni Ledesma, mga kinatawan ng Pambansa Demokratikong Prente ng Pilipinas (NDFP) sa usapang pangkapayapaan, ay umani ng malawak na suporta mula sa iba't ibang sektor. Umabot ng 10,000 ang dumalo sa mga konsultasyong ginawa sa mga lunsod ng Pagadian, Ozamiz, Dipolog, Gen. Santos, Cagayan de Oro, Butuan at Davao.

Gayunpaman, idiniin ng Komisyon na kailangan pang palawakin ang kasapian ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at ng mga ligal na progresibong organisasyon dahil ang mga ito ang nagsisilbing daluyan sa malawakang paglulunsad ng mga rebolusyonaryo at militanteng pakikibaka na nagtataguyod at nagtatanggol sa interes ng malawak na masa ng sambayanan. Kailangan ding kabigin ang mas malaking bilang ng mga panggitnang pwersa at palakasin at palawakin ang mga organisasyong kinabibilangan nila.

Napanatili ang ugnay ng rebolusyonaryong kilusan sa masang Moro na nasa loob o malapit sa mga larangang gerilya. Naitayo ang ilang rebolusyonaryong grupo sa kanilang hanay sa ilang lugar na hindi kinikilusan ng ►

---

**SA KABUUAN, MALINAW NA  
MAS SOLIDO ANG MGA  
TAGUMPAY NA NAKAMIT  
NGAYON NG ORGANISASYON  
NG PARTIDO SA MINDANAO  
BUNGA NG PAGTALIMA SA  
WASTONG LINYA AT MGA  
PATAKARAN.**

---



# Pagkakaisa at pagtutulungan laban sa reaksyunaryong kaaway

**A**ng Pambansa Demokratikong Prente ng Pilipinas (NDF) at Moro Islamic Liberation Front (MILF), ang mga pinakamalaki at pinakamakabuluhang rebolusyonaryong armadong pwersa sa Pilipinas ngayon, ay parehong masigasig na nagpapalawak at nagpapaigting ng kanilang armadong pakikibaka. Kamakailan, inanunsyo din nila ang bago at mas mataas na antas ng pagkakaisa, pagtutulungan at alyansa laban sa neokolonyal at reaksyunaryong gobyernong papet na nakabase sa Maynila.

Sa kanilang mga deklarasyon, binigyang-diin ng mga pinuno ng NDF at MILF na ang gayong alyansa ay lalong magpapatatag at magpapalakas sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayang Moro at Pilipino upang maidulot ang mas malakas na bigwas sa reaksyunaryong kaaway na pangunahing nang-aapi at nagpapahirap sa kanila.

Kasabay ng higit pang pagsulong ng makatarungan at rebolusyonaryong pakikibaka sa Mindanao at sa buong bayan, lalo ring pinaunlad ng alyansa ng NDF at MILF ang pag-uunawaan, pagtiwalaan at paggagalaan ng mamamayang Moro at mamamayang Pilipino, na matagal nang pinaghahati-hati at pinaglalaman-laban ng imperyalistang US at mga lokal na reaksyunaryo.

Ang pakikipag-alyansa ng NDF sa MILF ay nakabatay sa pagkilala at pagsuporta ng programa ng NDF sa pakikibaka ng mamamayang Moro para sa pagpapasya-sarili at kalayaan. Sa kabilang banda, ang MILF ay



nagdedeklara ng pagsuporta sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Natural at malapit ang ugnayan ng dalawang kilusan dulot ng mahabang magkatulad na kasaysayan ng mahirap at madugong pakikipaglaban sa mga dayuhang kolonyalista at sa reaksyunaryong papet na estado. Matagal nang nagtatagpo ang mga hangganan ng mga eryang saklaw ng dalawang panig. Sa ilang bahagi, sabayang umiiral ang rebolusyonaryong awtoridad ng dalawa.

Ang alyansa nila ay sumasalamín sa mga positibong karanasan at lumalalim na pag-uunawaan hindi lamang sa pagitan ng mga namumunong elemento kundi pati ng mga karaniwang kasapi at masang sumusuporta sa dalawang rebolusyonaryong kilusan.

**A**ng malaking pambansang kabuluhan at mahigpit na pangangailangan ng nabuong alyansa ay pinatunayan ng malawakan at malakihang opensibang militar at papatinding pasistang panunupil ng reaksyunaryong estado sa Mindanao.

Mahigit sangkatlo ng mga batalyong pangmaniobra ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na kinabibilangan ng 34 na *infantry battalion* ng Philippine Army, anim na Marine Battalion Landing Team ng Navy at isang batalyon ng Philippine Air Force ang ipinakat laban sa mga larangang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mga kampo ng Bangsamoro Islamic Armed Forces

◀ Moro Islamic Liberation Front (MILF). May mga pag-unlad din sa gawaing alyansa sa mga rebolusyonaryong Moro. Maaaring umunlad pa ang pagtutulungan ng NDFP at MILF sa pulitika at militar sa patuloy na pagharap ng dalawang rebolusyonaryong pwersa laban sa iisang kaaway (*tingnan ang kaugnay na artikulo sa itaas*).

**SA KABUUAN**, malinaw na mas solido ang mga

tagumpay na nakamit ngayon ng organisasyon ng Partido sa Mindanao bunga ng pagtalima sa wastong linya at mga patakaran. Kaakibat nito'y mahigpit ang panawagang "sunggaban ang araw, sunggaban ang oras" upang makapagtamo pa ang Partido at rebolusyonaryong kilusan sa Mindanao ng mas marami pang mga tagumpay at mas mabilis na pagsulong. **AB**

(BIAF) sa Mindanao. Mataas ang konsentrasyon sa isla ng pinakamalakas na sandata ng AFP, gaya ng mga sasakyang panghimpapawid at armor, tangke at kanyon.

Pinaiigting ng rehimeng Estrada ang kontra-rebolusyonaryong digma sa utos ng imperyalismong US na ang Mindanao ay gawing pangunahing daungan ng kanilang mga barko de gera at paliparan ng mga eroplanong pandigma.

Pinag-iinteres din ng mga dayuhang monopolyong kumpanya ang deposito ng langis sa Latian ng Liguasan at mayamang deposito ng

mga mineral sa iba't ibang bahagi ng isla. Pinakamaigting ang militarisasyon at ang mga pasistang pang-aabuso sa mga bahaging hindi lamang pinakamalakas ang BHB at BIAF kundi pati sa mga lugar na saklaw ng mga kontrata sa ispekulasyon at pagmimina ng mga dambuhalang dayuhang kumpanya.

Walang puknat ang mga kampanyang panunupil ng AFP at PNP sa Mindanao. Tuluy-tuloy at walang habas ang pagmamalupit at paglabag sa mga karapatang-tao ng mga mamamayan sa isla, laluna ng masang anakpawis.

Malawakang binubuo muli ang mga CAFGU at mga pangkat ng panatikong *vigilante*. Kaugnay nito, sinusulsulan ng reaksyunaryong estado ang mga alitan sa pagitan ng masang Moro at di-Moro. Kinakanyon at binobomba hindi lamang ang tukoy at pinaghihinalaang mga himpilan ng BHB at BIAF, kundi maging ang mga baryo at komunidad, ang mga tahanan at sakahan ng mga karaniwang magsasaka at katutubo. Malaganap ang panununog ng mga bahay at tanim, ang mga arbitraryong pang-aresto at panghahalughog, ang mga tortyur at pagpaslang ng mga bihag.

Sa kabila ng mga ito, lalong tumatag at lumalawak ang NDF at MILF, ang BHB at BIAF. Masigasig na nagpapanibagong-lakas at muling sumusulong ang rebolusyonaryong kilusang pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas. (*tingnan ang kaugnay na artikulo sa pahina 11*).

Militanteng nanindigan ang MILF laban sa kampanyang pasipikasyon ng reaksyunaryong estado at matatag na hinarap ang mga pasistang atake ng AFP matapos ipagkanulo ni Nur Misuari at ng kanyang MNLF ang pakikibakang Moro. Sa loob ng mahabang panahon, ipinundar at pinalakas ng MILF ang kanyang mga kampo.

Nananaig ang pampulitikang awtoridad ng MILF sa

kanilang 47 kampo na nagsisilbing mga base ng kanilang paglaban para sa isang nagsasariling bansang Moro. Ang bawat isang kampo ay sumasaklaw sa buu-buong mga baryo. Ang pinakamalalaki ay nasa Maguindanao, Lanao del Sur, Lanao del Norte, Davao del Norte, North Cotabato, Saranggani, Zamboanga del Norte at Sultan Kudarat. Pangunahin dito ang Camp Abubakar sa hangganan ng Maguindanao at Lanao del Sur.

Patuloy ang armadong pagpapalakas ng MILF at BIAF upang aktibong madepensahan ang mga kampo laban sa pananalakay ng reaksyunaryong estado. Kaakibat nito, pumasok sila sa usapang pangkapayapaan sa rehimeng Estrada na may militanteng paninindigan upang awatin ang pananalakay ng AFP sa kanilang mga kampo, igiit ang kanilang karapatang magtayo at magpalawak ng mga ito at tuluy-tuloy na isulong ang pakikibaka ng mamamayang Moro para sa pagpapasya-sa-sarili.

**N**agpapahayag ang NDF at MILF ng determinasyon na patuloy at higit pang paunlarin at palawakin ang kanilang pagkakaisa at pagtutulungan, batay sa pangangailangan at mga prinsipyong katanggap-tanggap sa magkabilang panig.

Tinitiyak ng NDF sa MILF na kinikilala at iginagalang nito ang identidad, integridad at pamumuhay at kultura ng mamamayang Moro at tutol ito sa anumang porma ng pambansang pang-aapi, diskriminasyon, sobinismo at pamimilit laban sa kanila.

Ginagarantiyahan ng NDF ang karapatan ng mamamayang Moro na magpasya-sa-sarili hanggang sa karapatang humiwalay sa isang estado ng pambansang pang-aapi at magtayo ng sariling estado, o di kaya ay pumili ng kaayusang pederatibo o awtonomiyang lokal sa Demokratikong Republikang Bayan ng Pilipinas.

Kinikilala ng NDF ang kanilang karapatan para sa isang bansang Moro at sa isang sistemang naninindigan para sa mga adhikang panlipunan, pampulitika, pang-ekonomya at panrelihiyon ng mamamayang Moro sa ilalim ng pamunuang kanilang pipiliin.

Alinsunod sa mga prinsipyo sa pakikipagkaisa ng rebolusyonaryong kilusan, tinitiyak ng NDFP sa MILF na anumang mabubuong pag-uunawaan sa pagitan ng dalawang kilusan ay gagawin sa balangkas ng pagkilala at paggalang sa identidad, integridad, mga prinsipyo at programa, at kalayaan at inisyatiba ng bawat isa.

Inaasahan na sa tuluy-tuloy at regular na pakikipag-ugnayan ng mga awtorisadong kinatawan ng dalawang panig at, tuwing kinakailangan, ng mga kinatawan ng pinakamataas at pinakabatayang antas ng organisasyon, maisusulong ang layuning higit pang mapatatag at mapaunlad ang rebolusyonaryong alyansa sa pagitan ng mamamayang Pilipino at mamamayang Moro. **AB**


Sa nalan ng batas

# Pangangamkam ng lupa sa Cagayan Valley

*Sa nakaraang isyu ng AB, tinalakay ang malawakang pagpapalit-gamit at pangangamkam ng lupa sa iba't ibang bahagi ng bansa na sistematikong ipinatutupad sa pamamagitan ng mga reaksyunaryong batas tulad ng Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL) at mga mapanlinlang na programa ng gubyerno tulad ng Agrarian Reform Communities (ARC).*

*Sa sumusunod na artikulo na halaw sa **Baringkuas** (rebolusyonaryong pahayagang masa sa Lambak ng Cagayan), inilalantad ang paggamit ng naghaharing uri at reaksyunaryong gubyerno sa mga batas tulad ng Indigenous People's Rights Act (IPRA) at Mining Act of 1995. Inilalantad rin ang pagmanipula sa mga umiiral na batas agraryo upang laganap na makapangamkam ng lupa mula sa mga setler at minorya sa mga kagubatan at kabundukan ng Nueva Vizcaya, Isabela at Quirino.*

Sa Lambak ng Cagayan, ang reaksyunaryong estado ang tumatayo bilang pinakadespotikong panginoong maylupa at pinakamalaking mangangamkam ng lupa ng mga setler at minorya. Gumagamit ito ng mga mapanlinlang at mapanupil na batas upang agawan ng lupa ang mamamayan para sa kapakinabangan ng mga dayuhang korporasyon at ng lokal na naghaharing uri.



madaling-madali na itong isailalim sa kontrol ng estado, at bilhin, ibenta o agawin.

Sa Lambak ng Cagayan, malinaw na kakambal ng IPRA at CADC ang maka-dayuhang Mining Act of 1995. Limang dayuhang minahan ang may aprubadong aplikasyon para magbukas ng kunsesyon sa buong erya ng Kasibu, Nueva Vizcaya, na ang kalakhan ay lupain ng mga minoryang Ilongot at mga

setler. Ito ang Climax-Arimco Mining Corp., Dalton Pacific Mining Resources Inc., Red Earth Mining Corp., St. Patrick Mining Resources at Lasseter Mining Co.

Ang Climax-Arimco, na isang korporasyong Australyano, ang siyang pinakamalaki sa mga ito. Saklaw nito ang 100,000 ektaryang lupain sa 32 baryo sa Nueva Vizcaya at Quirino. Sa pagpasok nito sa lugar, parang buwitre nitong dinagit agad ang lupa sa apat na baryo ng Kasibu at isang barangay sa Cabarroguis, Quirino. Kagyat ding ipinagbawal ng Climax-Arimco ang *gold panning* na pinagkukunan ng dagdag na kabuhayan ng masa. Upang supilin ang anumang protesta, itinalaga sa erya ang isang batalyon ng Regional Mobile Force ng Recom 2 ng PNP. Agad ring bumuo ang PNP-Nueva Vizcaya ng mga yunit ng Citizens Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) sa Kasibu.

Sa tindi ng pagtutol ng mamamayan sa lugar sa Arimco, nag-inisyatiba silang magtayo ng isang armadong grupong pinamunuan ni Benjamin Buhe upang labanan ang gahiganteng korporasyon. Pinaslang si Buhe ng PNP noong 1998.

Samantala, upang may tuluy-tuloy na suplay ng kuryente ang mga minahan, itinatayo ang dambuhalang Casecan Dam. Sapilitang pinalilikas ang 13,000 minorya at mga setler sa mahigit 23 baryo sa Dupax del Norte,

## IPRA: Pagyurak sa karapatan ng mga minorya

Isinabatas ng rehimeng Ramos ang Indigenous People's Rights Act (IPRA) noong 1998 sabay ang pagmamalaki na patunay ito diumano ng pagkilala at pagkalinga ng kanyang pamahalaan sa mga ansestral na lupain ng mga pambansang minorya.

Subalit para sa mga Agta, Bungalot, Igorot at iba pang mga minorya sa Lambak ng Cagayan, ang IPRA ay katumbas ng pagkawala ng kanilang karapatan sa malawak na komunal na lupain na minana pa nila mula sa kanilang mga ninuno at siyang pinagmumulan ng kanilang kabuhayan.

Tulad ng pakanang CADC (Certificate of Ancestral Domain Claim), ikinakahon ng IPRA ang mga katutubo sa mga limitadong erya na tinataguriang "ancestral domain". Bago ideklara ang saklaw ng "ancestral domain", sinasarbey muna ang lupain upang matuklasan kung aling bahagi nito ang pinakaproduktibo at may pinakamaraming rekursong maaaring pakinabangan. Ang mga pinakakapakinabang na bahagi ay inilalabas sa saklaw ng "ancestral domain" at idinedeclarang pampublikong lupain na maaari nang angkinin ng mga dayuhang kapitalista at malalaking lokal na burges kumprador at panginoong maylupa. Dahil nasarbey na ang buong lupain,

Dupax del Sur, Nagtipunan at Alfonso Castañeda sa Nueva Vizcaya upang maitayo ang dam.

### **Mga Homestead: Naglalahong prontera**

Walang sinasanto ang estado sa pangangamkam nito ng lupa, maging ang mga setler na nagbukas ng mga *homestead* at malaon nang may hawak na ligal na papeles o nagbabayad ng buwis sa lupa.

Kung dati'y malawak na prontera ang kabundukan at paanan ng Sierra Madre para sa mga setler mula sa Ilokos, Kordilyera, Gitnang Luzon, Bikol at Kabisayaan na nagbukas ng mga sakahan at prutasan, ngayo'y unti-unting pinatataksik ang mga setler at inaagaw ang kanilang lupa upang tayuan ng mga plantasyon, kunsesyon sa *logging*, minahan, pastuhan at iba pang negosyo ng malalaking panginoong maylupa, kumprador at dayuhang korporasyon.

Dalawampu't apat na ektarya ang kinikilala ng gubyrno bilang erya ng *homestead* hanggang dekada '50. Noong dekada '60 ay ibinaba na lamang ito sa 18 ektarya. Nang patalsikin ang diktadurang Marcos noong 1986, kulang sa 10 ektarya ang maaaring panatilihin *homestead*. Binawasan ito ng isa pang ektarya sa panahon ng rehimeng Aquino at dalawang ektarya pa ang kinaltas sa ilalim ng rehimeng Ramos.

Sistematikong panggigipit ang ipinatutupad ng reaksyunaryong gubyrno nitong huling mga buwan sa mga erya ng *homestead* sa mga liblib na baryo ng silangang Isabela: Ginagawan ng bagong sarbey ang mga lupain; ibayo itong pinaghahati sa maliliit na parsela at sinisingil ng ilang taong *back taxes* ang mga setler. Ang hindi makapagbayad ay inaalisan ng karapatan sa lupang kanilang hinawan at nilinang nang ilang dekada.

Sa isang kakatwang paraan ng pagpapatupad ng "reporma sa lupa," ang iba pang setler ay sinisingil ng Department of Agrarian Reform (DAR) ng halagang P40,000 bawat ektarya bilang amortisasyon sa lupa sa loob ng 30 taon. Iniilit ng Land Bank ang lupa ng mga hindi makapagbayad at ibinebenta ito sa halagang P100,000 bawat ektarya sa mga negosyante at panginoong maylupa.

Ang ganitong ligal na paraan ng pangangamkam ng lupa ay malawakang nagaganap sa mga bayan ng Echague, Jones at San Guillermo sa Isabela. Batay sa pagsisiyasat ng mga yunit sa gawaing masa ng Bagong Hukbong Bayan na kumikilos sa lugar, hindi bababa sa 3,600 ektarya at libu-libong katao ang naapektuhan na ng ganitong pakana.

### **"Reforestation": Limpak-limpak na kurakot**

Isa pang tusong paraan ng pag-agaw sa lupa ng mga setler at katutubo sa Lambak ng Cagayan at iba pang rehiyon ang programa sa "reforestation" at ang paggawad

ng mga *stewardship contract* sa mga magsasaka para mapangalagaan nila umano ang kagubatan.

Ang iskema ng *stewardship* ay paraan lamang upang mapasailalim sa kontrol ng estado, sa pamamagitan ng

Department of Environment and Natural Resources (DENR), ang mga lupang sakahan ng mga setler.

Bilang bahagi diumano ng "reforestation project" nito, inoobliga ng DENR ang sinumang pumasok sa *stewardship contract* na magtanim ng Gmelina, isang uri ng punongkahoy na mabilis gumulang at ginagamit sa industriya (*fast-growing industrial tree*). Ito ay kahit walang ibang tanim na mabubuhay malapit sa Gmelina dahil malakas itong humigop ng tubig.

Hindi maaaring ibenta, isanla o ipamana ng isang "steward" ang lupang nasa "pangangalaga" niya. Hindi rin niya maaaring putulin at ibenta ang mga punongkahoy nang walang permiso sa DENR, na kailangan din niyang bayaran. Manatili man sa pangalan niya ang lupa, wala na rin siyang kalayaang magdesisyon hinggil dito.

Ang "reforestation" ay nauso noong dekada '80 nang maglaan ng malaking pondo para rito ang World Bank. Sa panahon ng rehimeng Aquino, naglaan din ng P139 bilyon ang gubyrno bilang *local counterpart* sa pautang ng World Bank. Sa kabila ng napakalaking halaga ng perang inilaan para sa *reforestation*, nananatiling kalbo ang kagubatan. Ito'y dahil ang salapi ay kinurakot lamang ng mga upisyal ng gubyrno, mga kumpanya ng *logging* at mga *non-governmental organizations (NGO)* na kunwa'y makamasa.

Ilan sa mga nakinabang ay sina dating Gob. Junie Cua (ngayo'y Presidential Adviser para sa Hilagang Luzon) na lumimas sa pondo ng *reforestation* para sa Quirino; Gob. Faustino Dy ng Isabela, isang *logger* na nagtayo ng sariling "reforestation NGO" para magsilbing daluyan ng pondo; Kong. Heherson Alvarez, dating Kalihim ng DENR sa ilalim ng rehimeng Aquino at dati ring senador; at ang dating meyor ng San Mariano na si Teodoro Go na nambulsa, kasama ng dating meyor ng Ilagan, ng halagang P2 milyon noong 1986 at P7 milyon nitong 1997.

Sa Isabela, sumawsaw din at nakinabang sa kinurakot na pondong pang-*reforestation* ang mga "NGO" na Plan International at Silayan Cooperative. Ang Silayan Cooperative na pag-aari ng negosyanteng Tsino na si Rolando Lee ang nagsusuplay ng kahoy para sa *housing project* ng Plan International, isang kunwa'y mapagkawanggawang institusyong Amerikano na prente ng US Central Intelligence Agency. ►

---

### **SISTEMATIKONG PANGGIGIPIT ANG IPINATUTUPAD NG REAKSYUNARYONG GUBYERNO ...**

---

# Mabuhay ang proletaryong internasyunalismo!

**N**agpapasalamat ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa lahat ng mga Marxista-Leninistang partido at rebolusyonaryong organisasyon na nagpadala ng kanilang mensahe ng pagbati at pakikiisa para sa ika-30 anibersaryo ng muling pagkatatag ng Partido. Sinalamin ng mga mensahe ang pagkilala't pagpugay ng mga proletaryong partido at rebolusyonaryong kilusan sa buong mundo sa pagpupunyagi ng PKP sa landas ng Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM) at sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan, laluna sa harap ng malubhang krisis ng kapitalismo sa buong daigdig.

Ang pakikiisa sa PKP ng may mahigit sa 80 MLM partido at rebolusyonaryong organisasyon mula sa iba't ibang sulok ng daigdig ay patunay na lumalapad at lumalaganap sa buong mundo ang kilusan ng mamamayang api na tumututol sa imperyalistang paghahari. Samantala, ang Partido ay patuloy na nagpapalawak ng ugnay at nakikipagtulungan sa iba't ibang proletaryado at rebolusyonaryong partido at mga bayang malakolonyal at malapyudal sa buong daigdig sa balangkas ng pagtataguyod at pagpapalaganap sa MLM, sa proletaryong rebolusyonaryong linyang sosyalista laban sa imperyalismo, rebisyunismo at lahat ng klase ng reaksyon. Naglulunsad ito ng at lumalahok sa mga kumperensyang internasyunal na tumatalakay sa mahahalagang usapin sa ideolohiya at pulitika. Aktibong lumalahok ang PKP sa pagpapatatag ng pandaigdigang pagkakaisang anti-imperyalista ng mamamayan ng daigdig.

Sumusunod ang di-kumpletong listahan ng mga partido at rebolusyonaryong organisasyong nagpaabot ng pagbati sa Partido Komunista ng Pilipinas (alpabetikal ang pagkakaayos batay sa bayang pinagmulan): ▶

◀ Sangkot din sa pakanang "reforestation" (bukod sa paniniktik at paglulunsad ng *psywar* laban sa rebolusyonaryong kilusan) ang Philippine Rural Reconstruction Movement (PRRM) na may tanggapan sa Nueva Vizcaya. Ang dating direktor ng PRRM na si Horacio 'Boy' Morales ang kasalukuyang Kalihim ng DAR.

Walang ibang sinasalamang ang huli kundi ang tiyak na pagpapatuloy sa ilalim ng rehimeng Estrada ng malawakang pangangamkam ng estado sa lupa ng mga setler at mamamayang minorya sa "ligal" na paraan. **AB**

Partido De La Liberacion (PL) De Argentina ● Communist Party of Australia ● Communist Party of Australia (ML) ● Marxist Workers' Party (Australia) ● Initiative of Marxists-Leninists (Austria) ● Revolutionary United Front of Bangladesh ● Bangladesher Samyabadi Dal (ML) ● Socialist Party of Bangladesh ● Workers' Party of Bangladesh ● Mouvement Des Communistes En Belgique Workers' Party of Belgium ● Communist Party of Bohemia And Moravia ● Brazilian Communist Party - PCB ● New Communist Party of Britain ● Communist Party of Canada (Marxist-Leninist) ● Northstar COMPASS ● Socialist Action Group Canada ● Ceylon Communist Party (Maoist) ● Comunista Chileno (Accion Proletaria) ● Progressive Party of Working People (Cyprus) ● Communist Party of Denmark Marxist-Leninist ● Communist Worker's Party, Finland ● Marxist-Leninist Party of Germany (MLPD) ● Deutsch - Philippinische Freunde (Germany) ● *A/Synechia* (Revolutionary Marxist Organization-Greece) ● Communist Party of Greece (Marxist-Leninist) ● Communist Party of India - Marxist-Leninist ● Communist Party of India - Marxist Leninist ( People's War) ● Communist Party of India - Marxist Leninist (Red Flag) ● Communist Party of India - Marxist Leninist (Red Flag - Janashakti) ● Maoist Communist Centre (India) ● Socialist Unity Centre of India ● Indonesian Organization For People's Solidarity ● Iranian People's Fedayee Guerrillas ● Union of The Communists of Iran ● International Leninist Current (ILC) - Italy ● Lotta Per La Pace E Il Socialismo (Forum of The Communists - Italy) ● Red Worker - Italy ● Italian Marxists-Leninists ● Communist Party of Japan - Left ● Japan Communist League ● Japan Communist League (Senki) ● Workers Socialist League (Japan) ● General Federation of Nepalese Trade Unions (GEFONT) ● Communist Party of Nepal (Unified Marxist-Leninist) ● 1 Mei Komitee - (Amsterdam, Netherlands) ● Nieuwe Communistische Partij - Netherlands ● Communist Party of Aotearoa (New Zealand) ● Workers' Party of New Zealand ● Union of Polish Communists - Proletariat ● Uniao Democratica Popular (Portugal) ● Workers And Peasants' Russian Party ● National Democratic Front of South Korea (NDFSK) ● Partido Comunista De España ● Partido Comunista Revolucionario (España) ● Communist Party of The Sudan ● Communist Party of Sweden (KPML-R) ● DHKC Front Revolutionnaire De Liberation Du Peuple - Turkey ● Communist Party of Turkey - Marxist Leninist ● Bolsevik Parti (Kuzu Kurdistan-Turkiye) ● Partido Comunista Revolucionario Del Uruguay ● Ghetto Liberation Party (GLP) - USA ● Maoist Internationalist Movement - USA ● Revolutionary Communist Party, USA ● Workers World Party - USA ● Working People's News (USA) ● Communist Party of The Valencian Country (PCPV) ●



## **REBOLUSYONARYONG KILUSAN SUMUSULONG SA SILANGANG KABISAYAAN**

Patuloy na umaani ng tagumpay ang Partido at rebolusyonaryong kilusan sa Silangang Kabisayaan bunga ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

Ayon sa **Larab**, ang rebolusyonaryong pahayagang masa sa rehiyon, ang pinakamahalagang tagumpay na nakamit ay ang paglulunsad ng kampanyang edukasyon na nakapagkonsolida sa buong kasapian ng Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Batay sa pagtatasa ng Partido sa rehiyon nitong huling bahagi ng 1998, dumami nang 26% ang kasapian ng Partido sa Silangang Kabisayaan mula noong Hulyo 1996. Apatnapu't walong porsyento naman ang idinami ng bilang ng organisadong masa sa panahon ding ito.

Ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) ay nakapagtala ng 111% pagdami. Mula Hulyo 1996 hanggang sa huling kwarto ng 1998, nakapaglunsad ang BHB ng 38 aksyong militar at nakakumpiska ng 33 iba't ibang kalibreng armas at maraming bala. Tatlumpo ang kaswalti sa kaaway, kabilang na ang dalawang kapitan at isang tinylene.

Samantala, tinambangan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang isang yunit ng PNP sa Brgy. Laygayon, Pinabacdao, Samar noong Disyembre 2. Ayon sa **Larab**, isang pulis ang napatay samantalang isa pa ang nakatakas. Nakumpiska sa naturang ambus ang isang pistola.

## **ASYENDA NG BURUKRATA NIREYD NG B.H.B.-BATANGAS**

Matagumpay ang reyd na walang putok na isinagawa ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa asyenda ni Jejomar Binay, pinuno ng Metro Manila Development Authority at dating alkalde ng lunsod ng Makati. Walong iba't ibang klaseng armas ang nasamsam.

Umaga ng Pebrero 13 nang mapasok ng BHB ang 60-ektaryang *piggery* at *breeding farm* ng mga sasabuning manok ni Binay sa Bgy. Maligaya, Rosario, Batangas. Napagkamalan ng mga gwardya na mga tropa ng militar ang BHB kaya't nakapasok sa asyenda ang mga Pulang mandirigma. Kinumpiska nila ang dalawang M16, dalawang *shotgun*, apat na pistola, isang teleskopyo, isang *cellphone* at isang *handheld radio*.

## **MATATAGUMPAY NA OPERASYONG ISPARO INILUNSA SA CAMARINES SUR**

Apat na matatagumpay na operasyong isparo ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Camarines Sur noong Nobyembre at Disyembre 1998 laban sa mga

kaaway ng mamamayan.

Ayon sa **Silyab**, rebolusyonaryong pahayagan sa Bikol, pinarusahan ng BHB si Kpl. Rodel R. Rondario ng 42<sup>nd</sup> Infantry Battalion noong Nobyembre 14 sa Bgy. Baya, Ragay, Camarines Sur. Kinumpiska kay Rondario ang isang M203. Ang 42<sup>nd</sup> IB na kinabibilangan ni Rondario ay sangkot sa mga krimen gaya ng panggagahasa at pagnakaw ng ari-arian ng mga taga-Ragay.

Noong Nobyembre 1 at Disyembre 4, ginawaran din ng parusang kamatayan sina Jaime Pimentel sa Bgy. Calagbangan at Armando Alicaway sa Bgy. Villazar, kapwa sa bayan ng Sipocot. Nakuha kay Alicaway ang isang .45, pitong bala at isang magasin. Kapwa masasamang elemento sina Pimentel at Alicaway. Isang impormer namang nagngangalang Roberto Solis ang pinarusahan ng BHB noong Nobyembre 2 sa Bgy. Balaogan, Bula, Camarines Sur.

Samantala, patuloy na kinukundena ng mamamayan ng naturang prubinsya ang walang-habas na pandarahas ng mga tropa ng reaksyunaryong hukbong sandatahan, partikular ang 1<sup>st</sup> IB at 42<sup>nd</sup> IB. Gayundin, kinukundena nila ang masasamang elemento sa mga pamayanan ng Camarines Sur na patuloy sa paggawa ng krimen.

## **SEMINAR HINGGIL KAY MAO AT DIGMANG BAYAN IDINAOS**

Inilunsad ng mga Marxista-Leninista-Maoistang partido ang Internasyunal na Seminar hinggil kay Mao at sa Digmang Bayan noong Disyembre 1998. Ito ay bilang pagdiriwang sa ika-105 kaarawan ni Kasamang Mao Zedong.

Lumahok ang 27 partido at organisasyon sa internasyunal na seminar. Anim dito ay mga Maoistang partidong nagsusulong ng digmang bayan at 21 ay mga partido at organisasyong sumusuporta sa digmang bayan

Tinalakay sa seminar ang mga turo ni Kasamang Mao Zedong hinggil sa digmang bayan at itinaguyod ang kahalagahan at pangangailangan nito sa pagsulong ng mga pambansang kilusang mapagpalaya, ng malawak na kilusang anti-imperyalista at ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon.

Bunga ng seminar, napataas ang antas ng pagkakaisa sa hanay ng mga delegado kaugnay ng pag-unawa sa krisis ng pandaigdigang kapitalistang sistema at sa kabuluhan ni Mao at ng digmang bayan. Gayundin, sa kabila ng ilang mga magkakaibang pananaw, ipinahayag ng mga kalahok ang kanilang kahandaang patuloy na magsagawa ng mga talakayan sa pulitika at ideolohiya at sabayang isabalikat ang mga praktikal na tungkulin tungo sa higit na pagkakaisa.

Inilabas ng seminar ang Pangkalahatang Deklarasyon hinggil kay Mao at sa Digmang Bayan. Naglabas din ang seminar ng mga resolusyon hinggil sa mahahalagang usapin.